

PROLOGUE

To: malaya612@yahoo.com, satrianilives@yahoo.com

From: runawayspice@gmail.com

Subject: This Isn't Goodbye

Hey, it's Charlee. New email, new identity. In less than twenty hours, my entire family and I will be moved to a still undisclosed location. Dito lang din sa Pilipinas pero hindi ko puwedeng sabihin sa inyo kung saan. Thank God for proxy servers! Kahit papaano nagagawa kong mahirap para ma-hack itong bagong email ko. Iginawa ko na rin kayo ng bagong email account dahil ayokong pati kayo ay guluhin ng mga demonyong iyon. It's there after the long line below this letter.

Anyway, gusto ko lang sabihin na ma-mi-miss ko kayong dalawa. I can't believe that life will be uncertain for me and my family now that we're under the Witness Protection Program. Pero ito lang ang paraan upang maipaglaban at maibigay ang hustisya para sa mga taong nasaktan, naperwisyo at nawalan ng matinong buhay dahil sa pesteng mga Dominguez na iyon.

Nakakalungkot lang dahil magbabago talaga ang mga buhay namin, at magiging limitado ang

pakikipag-communicate sa mga taong mahalaga sa amin. Even with the Internet, and the start of social media networking, it is not going to be easy. And I will miss you, girls! Ngayon pa lang naiiyak na ako.

Ayokong maging cynic at paniwalaan ang sinasabi ng iba na wala raw nagtatagal ang buhay kapag nasa program ka na. Pero patuloy akong aasa at magdarasal na isang araw, makakamit din ang katarungan, at babalik sa normal ang lahat.

Yani, huwag masyadong focused diyan sa paghahanap kay Bertrand 'yang drama mo, ha? Hindi ka inoobliga nina Tito Albert at Tita Gertrude na gawin iyan. Pakisabi nga pala sa kanila na one day, they will both have the chance to help us. Huwag lang muna sa ngayon, dahil baka pati kayo ay madamay pa. Pero ikaw, mag-enjoy ka lang, ha? Get a boyfriend! Ikaw na lang ang hindi pa nagkaka-love life ever sa atin. Buti pa si Laya, meron kahit peke. ;)

Laya, I can't thank you enough for the money you sent. Sure ka na hindi ito galing sa mga drug dealer at mama-san, ha? ;) Thank you, makakatulong ito sa pag-uumpisa namin, kung saan man iyon. I pray also that one day, you will have the kind of life that you want and deserve. Alam naming malapit na iyong mangyari. When that happens, get a boyfriend as well,

okay? 'Yung tunay, ha? ;)

I am asking my brothers to teach me other ways so we can still stay in touch. Bahala na. Basta sa ngayon, dito muna sa email. Please follow the instructions below, okay?

I love you, girls. Alam kong hindi ito ang huli. Magkikita-kita pa tayo. And like you two, I will also get me a boyfriend. The One, even. How's that, huh?

Ingat kayo, ha. I miss you already.

1

Kauubos pa lang ni Charlee ng in-order niyang upsized burger meal nang mapatingin siya sa salaming dingding ng kinakainang fastfood chain. Nakapuwesto siya sa sulok, at pilit nagpapaka-invisible. Gender neutral ang porma niya, at may suot siyang dark glasses. Nakatali ang buhok niyang ipinaloob sa baseball cap. Nasa kandungan niya ang backpack na naglalaman ng kanyang uniform bilang security guard sa katapat na bangko.

Katatapos lang ng eight-hour shift niya, at gaya ng nakasanayan ay kumain muna siya bago uuwi na sana. Ngunit sa kanyang nakita ngayon lang ay mukhang hindi na niya masisilayan pa ang simpleng bungalow na itinuring nilang tahanan sa loob nang halos dalawang taon.

Kinapa niya ang cellphone sa bulsa. May nakikita siyang isang sasakyang nakaparada isang metro ang layo sa pinapasukan niyang bangko. Lumang sedan iyon na itim at heavily tinted. Ganoon din ang hitsura ng SUV na dalawang beses na niyang napansing bumalik at tila bumagal ang takbo paglapit sa nakaparadang sasakyan. Kinawayan niya ang isang

bus boy na takang lumapit sa kanya.

“Puwede bang humingi ng pabor? Babayaran kita. Madali lang ang ipapagawa ko,” mahinang sabi niya sa lumapit na binatilyo, sabay pakita rito ng dalawang five hundred peso bills.

Nanlaki ang mga mata nito bago napatango. “Nagmamadali po ba kayo, Ma’am? Ito na lang po ang ililigpit ko at tapos na ang shift ko,” saad nito.

“Okay, sige,” sagot niya bago isinuot ang isang dark gray jacket at isinukbit ang backpack. Nang bumalik ang bus boy ay ipinaliwanag niya ang ipapagawa. Mabilis silang nagkasundo at mayamaya lang ay iginigiya na siya nito patungo sa rear exit ng kainan. Mabilis at walang lingon ang ginawa niyang paglalakad patungo sa kabilang kalye, kung saan hihintayin niya sa tabi ng isang talyer ang inutusan. Ilang sandali nga lang ay parating na ito sakay ng bisikleta.

“Iyon po bang iniawasan n’yo ’yung nasa itim na *Pajero*, Ma’am? Panay po ang daan sa tapat,” pansin nito.

Kaagad niyang iniabot ang pera. “Oo, iyon nga. Salamat. Kapag tinanong ka, hindi mo ako kilala at hindi mo ako nakita ngayon, okay? Sige na, alis na

at baka nasundan ka dito.”

“Sige po. Salamat po, Ma’am!” nakangiting sabi ng binatilyo na sumaludo pa bago patakbong umalis na. Ikinabit niya ang headset sa kanyang cellphone bago nag-dial ng isang numero, pagkatapos ay inilagay iyon sa inner pocket ng jacket niya. Lumulan na siya sa bike at nagsimulang magpedal habang hinihintay na may sumagot sa tawag niya.

“*Office of the Civil Registrar*, good afternoon,” bati kaagad ng kanyang ina.

Nakagat niya ang ibabang labi. Hindi niya gustong gawin ito. “Ma, si Melissa ito.”

Natigilan ang nasa kabilang linya. Sigurado si Charlee na alam na ng ina na may di-maganda siyang ibabalita dahil nagpakilala siya gamit ang kanyang pekeng pangalan.

Hindi na niya hinintay pang muli itong magsalita. “Mama, may bisita tayo,” umpisa niya. “Ikaw na ang bahala sa bahay, ako na ang bibili ng pagkain. Magkita tayo sa Crossing,” dere-derechong bigay niya ng kanilang code sa susunod na mga gagawin bago pinutol ang tawag.

Noon ay nahihilam na siya dahil sumungaw na ang luha sa kanyang mga mata. Huminto muna siya

at muling nag-dial. Ang nakababatang mga kapatid niyang kambal na lalaki ang tinawagan niya. Inulit lang niya ang mga sinabi kanina sa ina, bago tinapos na rin ang tawag.

Panay ang hinga niya nang malalim habang minsan ay pinapanhid ng likod ng kamay ang kanyang mga mata. Patuloy siya sa pagpepedal. Tatlong kilometro pa ang layo ng 'Crossing', na code nila sa bukana ng highway palabas ng bayang iyon sa Laguna.

Sa mga sandaling ito ay abala na ang mga magulang sa paglalagay ng mga nakaempake na nilang tig-iisang backpack sa likod ng kanilang lumang pick-up. Magkikita silang lahat at aabandonahin na nila ng kambal ang mga bike at lululan sa sasakyan, na ilang araw ring magsisilbing tahanan nila habang inaayos pa kung saang lugar sila muling maninirahan.

Nalimutan na niya kung paano ang pakiramdam ng may permanenteng tahanan. Akala niya ay ang bayan ng Trinidad, Laguna na iyon. Halos dalawang taon din sila roon, na pinakamatagal na sa loob ng anim na taong halos malibot nila ang bansa sa pagpapalipat-lipat.

She would miss her job as a security guard at the bank. Ma-mi-miss niya ang kasamahan niyang si Kuya

Leo at ang asawa nitong si Ate Maura na dinadalhan sila lagi ng pagkain. Ma-mi-miss din niya sina Sari at Mikhael, ang mga batang tinuturuan niyang magpiano tuwing Sabado. Iyon na nga lamang ang iilang mga taong naging malapit sa kanya sa loob nang nakalipas na mga taon ay iiwan pa niya nang wala man lang paalam.

Ilang taon na silang ganito, pero hindi pa rin siya nasanay. Hangga't hindi bumabalik sa normal ang buhay nila, hangga't hindi nahuhuli ang mga taong dahilan kung bakit tila sila ang kriminal na nagtatago ngayon, hindi sila magkakaroon ng permanenteng tahanan. Ni hindi nila magagamit ang tunay nilang pangalan. Hindi rin sila maaaring magkaroon ng maraming kakilala at kaibigan.

Maybe she wasn't even supposed to feel anything, or even want something, but just to live. To live until that time when all would be back to how it was, years and years ago. Ni hindi na niya maalala ang mga panahong iyon. Napailing siya nang makitang papalapit na siya sa bukana ng highway, kung saan may waiting shed at ilang hilera ng mumunting kainan at bilihan ng pasalubong. Dulo na iyon ng Trinidad, at ilang kilometro pa ay *South Luzon Expressway* na. Another road to God-knows-where. Another way out of a town they could not even call their own, and into

another where life would still be uncertain.

Itinabi ni Charlee ang bike sa shed at muling pinahid ang gilid ng mga mata. Hindi niya dapat hinahayaang maging apektado masyado ng pangyayaring ito. Ang kailangan niyang gawin ay muling umasa at magdasal na sana, ang susunod na pupuntahan nila ay ang magiging permanenteng tirahan na nila. Na sana ay tuluyan nang gumulong ang hustisya at maparusahan ang maysala.

Until then, she would have to stay distant, unattached. Dahil mapanganib ang mapalapit sa isang gaya niya.

No friends, no pictures, no memories. So she, and others, could live.

ZD took in the cool, crisp morning air when he got off his five-year-old SUV. Miyerkules ng umaga at unang araw ng semester sa *Ilocos Norte State University* kung saan nagtuturo siya ng Political Science sa first year students at Introduction to Constitutional Law naman sa mga Legal Management majors. Ilang buwan din niyang na-miss ang pagtuturo dahil sa summer break. Tatlong beses na whole day classes ang inilalaan niya sa *INSU* habang ang ibang araw

ay hati sa *Public Attorney's Office* sa munisipyo at sa pagiging associate niya sa isang law office sa Laoag, na kalahating oras na byahe mula sa coastal town na iyon ng San Diego sa Ilocos Norte.

Pasado alas siete pa lang ng umaga at karamihan sa mga klase sa *INSU* ay alas ocho ang umpisa. Ngayon pa lang unti- unting nagdaratingan ang ilang estudyante, faculty at staff sa bawat college building. Iginala niya ang tingin sa paligid at kaagad na nakuha ang atensyon niya ng motorsiklong ngayon ay palapit, patungo sa inilaang parking space sa mga sasakyang kauri nito na nasa tabi lang ng slot niya. Napataas ang kilay niya dahil di gaya ng karaniwang nakikita niyang maangas at parang mananagasa, ang driver ng motor ay tila maingat ngunit halatang eksperto sa pagmamaneho niyon.

Hindi niya alam kung bakit napako na ang atensyon niya sa rider. Payat ito, nakasuot ng dark gray windbreaker, straight cut slim jeans, at itim na high-cut sneakers. Nangunot ang noo niya nang mapansin ang kilos ng rider habang inaayos ang pagkaka-park ng motor sa isang slot. Babae ba ito? Nasagot ang tanong niya nang matapos nitong i-lock ang motor ay inalis nito ang helmet. His heart immediately reacted to what he saw.

The rider was indeed a woman. A tall, slender one with one of the loveliest faces he had ever seen. Hanggang leeg ang layered nitong buhok na may side bangs na tila sadyang ginulo ang ayos. Bilugan ang mga mata nito, maganda ang hugis ng ilong. And her lips, man! They looked so soft and luscious. He cursed himself when he felt his chest tighten at the sight of her licking her lips as she looked around her. Nang mapadako ang tingin nito sa kanya ay bahagya itong namula bago napayuko. Inayos nito ang pagkakasukbit ng dalang backpack at naglakad patungo sa building sa harapan niya. Dahil curious ay hindi talaga niya inalis ang tingin dito.

“Good morning,” bati niya nang mapadaan ito sa tapat niya.

Tila nagulat ito at sumulyap sa kanya. “G-good morning,” ganting bati nito. Mababa at medyo husky ang boses nito. Hindi niya maiwasang mapangiti, bagaman may pagtataka sa nabasa niyang ekspresyon sa magagandang mata nito nang mapatingin sa kanya. Tila takot din ito na nahihiya na hindi mawari.

“Bagong estudyante ka ba dito? Faculty member?” tanong niya habang sabay silang paakyat sa front steps ng gusali.

“No. Bagong secretary ako ni Dean,” sagot nito

habang ikinukuwintas ang ID. Sumabay pa rin siya rito sa pagbagtas sa hallway patungo sa mga opisina sa east wing dahil sa faculty lounge katabi ng dean's office din naman ang punta niya.

Napatango siya habang minamasdan ang babae. Dean Augustus Marasigan had an interesting choice for a new secretary. Mukhang napakamahiyain kasi ng babaeng ito. Hindi na ito muling nagsalita pa nang marating nila ang kani-kanilang destinasyon. Magkatabi lang ang mga pinto ng dean's office at faculty lounge.

“Are you not going to tell me your name?” tanong niya sa babae nang unahan niya ito sa paghawak sa handbar sa pinto ng dean's office. They now stood so close to each other and he caught a whiff of her fresh, lovely scent. Kay lapit na rin ng mga mukha nila sa isa't isa dahil ilang pulgada lang marahil ang taas niya rito.

Napakurap ang babae. “It's... it's Denise,” sabi nito bago humakbang papasok sa nakabukas na pinto.

“I'm ZD. Z as in zebra, D as in dog.” He grinned, then held out his hand. Muli ay tila hindi alam ang gagawin na tiningnan muna iyon ni Denise bago nito tinanggap iyon. Her hand was a bit rough, yet, it felt good to the touch. “Nice to meet you, Denise.”

“Likewise,” mahinang sagot nito bago tila napapasong binawi ang kamay. “I should go.”

Tumango siya, napapangiti. “Okay. I’ll see you soon?” Bahagyang nangunot ang noo ng babae, ngunit ilang saglit lang ay naunawaan nito ang ibig niyang sabihin. May faculty meeting kasi mamayang alas diez at tiyak na naroon din ito.

“Okay,” tugon nito, hindi pa rin ngumingiti. Still, she looked beautiful. Tumango ito bago isinara ang pinto ng opisina.

Ilang segundong nakatingin sa pinto ang binata. Noon lamang siya muling nakakaramdam ng matinding curiosity at kagustuhang kilalanin ang isang babae. At iyon ay sa isang kagaya pa ni Denise, na parang mailap pa sa zebra.

Hindi niya malimutan ang hindi maikailang hiya, takot at pag-aalinlangan sa mga mata nito. He could not wait to find out what her story was. Sana ay bigyan siya nito ng pagkakataong malaman iyon.

“Denise, ayos ka lang ba? Huwag kang mag-alala. Sigurado akong wala sa mga miyembro ng faculty dito ang makakakilala sa iyo.” Halata ang concern sa boses ni Dean Augustus Marasigan, isang retired state

prosecutor. Isa rin ito sa mga taong tumutulong sa pamilya ni Charlee na ngayon ay may iba na namang set ng pangalan, identity at trabaho.

“Okay lang po ako, Sir,” sagot niya habang yakap ang netbook na gagamitin sa pagte-take niya ng notes sa meeting. Hindi siya nag-aalala kung may makakakilala sa kanya na faculty member, kundi dahil sa isang partikular na taong alam niyang makikita niya uli ilang sandali mula ngayon.

Si ZD ang kauna-unahang lalaking nagparamdam sa kanya ng di-maipaliwanag na kaba at excitement sa loob ng maraming taon. Ang akala niya ay naikondisyon na niya ang sariling huwag makaramdam ng iba pa, na ang tanging dapat niyang isipin ay ang kanyang kapakanan at ng pamilya niya.

She never thought she would ever pay attention to details like the way ZD seemed to look at her with admiration and awe earlier, the way he stood so close, the way he held her hand longer than necessary and even how hesitant he looked when they parted ways at the door. Hindi ito ang unang beses na may lalaking nagpakita ng interes sa kanya, ngunit ngayon lang siya nakaramdam ng ganoon.

And the way her heartbeat raced! Tila wala rin siyang kontrol kanina sa pag-iinit ng kanyang mga

pisngi. Sigurado siyang napansin iyon ng binata. Nakakahiya!

“O, nagkakakulay na iyang pisngi mo. Mabuti naman at ang putla mo noong una tayong magkita.” Nakangiting tinapik siya sa braso ng matandang lalaki bago nito hinila pabukas ang pinto. “Tara na,” aya nito.

Napapatangong sumunod na siya sa dean. Derecho sila sa faculty lounge kung saan may ilang tao nang naghihintay. Lumapit ang kasama niya sa isang grupo ng mga propesor na kaedad din nito matapos sabihin sa kanya na kumuha muna siya ng merienda niya. Ngunit hindi siya nagugutom.

Giniginaw siya. Lumapit siya sa air-con at minasdan ang controls niyon. Gusto sana niya iyong ilagay lahat sa low o zero pero baka may magreklamo. Nahihiya rin siyang magtanong. Napapabuntong-hiningang tinungo na lang niya ang counter kung saan naroon ang mga pagkain at inumin.

“Giniginaw ka? Gusto mong i-fan mode na lang? They wouldn’t mind.”

Muntik na niyang mabitawan ang hawak na paper cup at sachet ng instant coffee. Tinatambol ang dibdib niya nang lingunin ang nagsalita. It was ZD,

who stood so close behind her, smiling as he reached for a cup as well.

“Y-you...” She swallowed. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Nagbawi na lang siya ng tingin at inasikaso ang paggawa ng kape. Nang matapos ay walang paalam na nagtungo siya sa isang mesa. Pag-upo ay naramdaman niya ang bahagyang pagtaas ng temperatura, at napansin ang pag-upo ni ZD sa silya sa kanan niya.

“You were saying...?” tanong nito habang hinahalo ang kape.

“Wala.” Umiling siya bago niyuko ang inumin.

“Hey, binibiro lang kita.” Masuyong tinapik nito ang braso niya. “You’re too shy and... jumpy. Mukhang hindi tamang nagkakape ka. May baon akong cereal drink, gusto mo?”

Nag-angat siya ng tingin. Na kaagad na gusto niyang pagsisihan. ZD was one beautiful, beautiful man. From his high forehead to his cleft chin, those perfectly shaped bushy brows, dark piercing eyes, straight nose and pillowy lips, na tila kay raming nais ipakihulugan sa tuwing kumukurba iyon sa isang ngiti. He looked so good she was not sure if he was an angel she could trust her life with, or the most

dangerous man she should be wary of. Maybe both.

Maybe those lean, muscular arms and broad shoulders could assure her she would be safe in his embrace. Pero ang bawat pagngiti nito, ang boses at paraan ng pagsasalita nitong mahina at mahinahon ngunit tila laging puno ng kasiguruhan—parang doon siya kinakabahan. It was like she couldn't keep a secret from this man. Kung tingnan pa siya nito ay tila may kung ano pa itong nakikita bukod sa mukha niya.

“Denise, you’re making me blush,” ani ZD na sinundan ng mahinang tawa. Noon niya napagtantong kanina pa siya nakatingin sa mukha nito, and the man was indeed blushing.

Muling nag-init ang mga pisngi niya. “Sorry,” sabi niya bago sumimsim sa kanyang kape.

Bakit ba kasi siya kinukulit ng lalaking ito? Inilabas niya ang dalang netbook. She tried to shut off everything that was going on around her so she would not feel so agitated. Lalo na ang lalaking ito na kanina pa nakatingin sa kanya.

At hindi siya handa sa nararamdaman. Nagsimulang uminit ang kanyang pakiramdam hindi dahil nai-adjust na ang controls ng air-con, kundi

dahil mismo sa kung anumang nais ipahiwatig ng tingin ng katabi, at ng pagtugon niya roon.

“Sorry for what?” tanong nito. “For making me blush? But I don’t mind at all.” She could hear laughter in his voice, but she was sure he was not mocking her. Not at all. “It’s just that it’s been a long time since a very beautiful woman looked at me the way you did earlier,” dugtong ng lalaki. “Na-conscious tuloy ako.” Bahagya itong natawa.

Dama ni Charlee ang lalong pag-iinit ng mga pisngi niya. Nagagandahan si ZD sa kanya? Malabo ba ang mga mata nito? Hindi pa rin niya naipapaayos ang maikli nang buhok na siya mismo ang gumupit at naglagay ng reddish-brown dye. Sigurado rin siya na kung hindi eyebags ay dark circles sa ilalim ng mga mata niya ang unang mapapansin ng kahit sino sa kanyang mukha. Nangungunot ang noong nag-angat siya ng tingin.

He was looking right at her, and his face seemed to have inched closer. “Hindi ko maintindihan kung bakit ka nag-aaksaya ng panahong kausapin ako,” mahinang sabi niya.

Ilang sandaling natahimik ang binata bago, “Mas gusto mo bang iwan na lang kita?”

“Yes. Please.”

“Ayaw mo akong kausapin?”

Umiling lang siya, at gusto niyang batukan ang sarili dahil parang napapangiti na siya. *Goodness!*

“Sigurado ka? You’re new here, right? Don’t you think you could use a new friend? Tour guide? Alalay?” pilit pa nito.

Bahagyang binangga pa ng balikat nito ang balikat niya.

Charlee could not take it anymore. Mariing magkadikit ang mga labi na tiningnan niya ito. “Ang kulit mo.”

Tumaas ang isang kilay nito. “I’m serious.”

“Professor ka, di ba? ’Tapos, mag-vo-volunteer kang tour guide at alalay?” Sa pagkakataong iyon ay hindi na niya napigilan ang pagtaas ng isang sulok ng kanyang mga labi. She felt her face relax.

He smiled. “Hey, you’re smiling. Wow!” Mukhang namamangha talagang hindi nito inaalis ang tingin sa kanya.

“Stop that,” naiiling na saway niya bago hinarap ang computer screen. “Hindi mo kailangang maging

mabait sa akin dahil lang sa bago ako dito. I'll be fine. Naninibago pa ako, but I will get used to it."

Napabuntong-hininga ang kausap at mukhang may sasabihin pa sana, ngunit noon lumapit si Dean Marasigan. "We're just waiting for a few more people and we'll start," sabi nito bago tinanguan ang binata.

"Sir, maybe you could vouch for my clean record and good character. Mukhang duda sa akin ang bagong assistant mo," ani ZD sa matanda, sabay sulyap sa kanya.

Natawa ang dean. "He's a good man, Denise." Bumaling ito sa kanya, nakakaunawa ang tingin. "Hindi ka dapat mag-alala. Ituring mong ikalawang tahanan mo sa pagbabalik mo dito sa San Diego ang *INSU*." Tinapik nito ang kanyang balikat. "You'll be fine," dagdag pa nito bago muling lumapit sa mga kausap nito kanina.

"Tagarito ka talaga?" curious na tanong ni ZD.

Tumango siya. "Dito ako ipinanganak at dito rin nagtapos ng grade school, sa Central. My family had to move out dahil nabigyan ng job opportunity sa Manila ang parents ko."

"Cool! Nagbalik ba ang pamilya mo dahil dito gustong mag-retire ng parents mo?"

Napakurap siya. Sa halip na maalarma ay tila humahaplos sa puso niya ang genuine na interes nito sa kanya. “I wish,” nasabi niya at huli na para bawiin iyon. She just blurted out something so personal, something that for the past years had been in her prayers.

Na sana ay ang San Diego na ang magiging permanenteng tahanan nila.

“You wish?” kunot-noong tanong nito. “You don’t think you’re staying long?”

Nagkibit-balikat siya. “Hindi naman natin masasabi kung ano ang susunod na mangyayari, hindi ba?”

“True. Pero hindi rin dapat maging dahilan iyon para hindi ka umasa sa mga bagay na gusto mong mangyari.”

Minasdan niya si ZD. There was quiet tenderness in the way he was looking at her that she did not feel the need to look away this time. His eyes were full of reassurance and understanding. Marahan siyang tumango. This was one big risk. She had never allowed herself to be swayed by anyone, not on their first meeting.

Sa kabila ng mga pag-aalinlangan ay heto at

natagpuan na lang niya ang sariling sumasang-ayon, at hinahayaang buksan ang sarili kahit papaaano sa kausap.

“You’re right, ZD. I guess... I guess I shouldn’t stop hoping.”

2

Lunch period nang mga sandaling iyon. Mabilis na naglalakad patungo sa kanilang tambayan ng mga kaibigang propesor si ZD nang mapansing lumabas ng side exit ng Arts and Sciences building si Denise. Kipkip nito ang isang paper bag. Panay ang linga at pahintu-hinto ito sa paglalakad, marahil ay naghahanap ng mapupuwestuhan. Nang lumiko ito patungo sa likod ng gusali ay sumunod siya.

This woman intrigued him. He did not understand why someone as stunningly beautiful as she was seemed to be unaware of it. It was also obvious that she was smart. Sinadya niyang makinig kanina sa tuwing mag-uusap ito at si Dean Marasigan and he was impressed at how Denise could hold her own against the former state prosecutor and respected scholar. Halata rin ang fondness dito ng matanda. Ngunit pagdating sa ibang tao, tila tumitiklop ang babae. Tila ba ayaw nitong ipakilala ang sarili na di-mawari.

Hindi rin ang lungkot sa magagandang mata nito. Marahil isa iyon sa mga dahilan kung bakit sa kabila ng pag-iwas ng dalaga, desidido pa rin siyang

kilalanin ito at mapalapit dito.

Sumunod siya kay Denise hanggang huminto ito sa bakanteng stone bench sa ilalim ng isang matandang puno. Kaharap niyon ang soccer field; and still farther down ahead was the boardwalk that juts out to the beach. Tahimik siyang lumapit sa dalaga na naupo na sa bench at inilabas ang lunch kit na laman ng dalang paper bag.

Mula sa puwesto ay nakita niyang fried brown rice at samu't saring gulay na may ilang strips ng karne ang tanghalian nito. May inilabas din itong mansanas.

“That looks really good,” aniya, dahilan upang mapapitlag ito at mapalingon sa kanya.

Nanlalaki ang mga mata nito at hindi niya alam kung bakit tila may takot siyang nabasa roon sa halip na simpleng pagkabigla. Kaagad itong nagbawi ng tingin.

“Mind if I join you?” tanong niya.

“Nope,” tugon nito, hindi pa rin siya nililingon.

Napapangiting naupo siya sa tabi nito. Hindi kalakihan ang bench kaya halos magdikit ang mga katawan nila. He could feel her warmth even against

the fabric of their clothes, making him catch his breath. Tumingin siya sa katabi.

“Palagi na lang nanggugulat,” bulong nito.

Natawa siya. “I’m sorry. Sa susunod, bubusina na ako,” aniya bago binuksan na rin ang sariling lunchbox. Pritong porkchop, ginisang togue at isang tambak na kanin iyon. “*Manganen.*”

Tumingin ito sa kanya bago itinaas ang hawak na container at inialok iyon. “Kuha ka. Fresh ang gulay at bagong ani ang brown rice. Galing sa farm na pinapasukan ng kapatid ko.”

Kumuha siya ng ilang piraso ng gulay at karne at inilipat iyon sa container niya. “This really smells good, Denise. Ikaw ang nagluto?”

Kaagad itong namula. “Yes.” She bit her lower lip. “Nilagyan ko lang iyan ng butter at maraming bawang kaya mabango. Pero kung pangit pala ang lasa, please be honest,” sabi nito bago ibinaba muli ang lunch kit sa kandungan. She then focused on her food. “Kain na.”

ZD could get a hint. Halatang hindi komportable sa kanya ang babae, ngunit gumagawa naman ito ng effort upang malabanan iyon kahit paano. Pinirapiraso niya gamit ang steak knife ang isang slice ng

porkchop at nilagyan niyon ang lunchbox ni Denise bago isinunod ang gulay.

“Thanks,” mahina lang na saad nito bago itinuloy ang pagkain.

They ate in companionable silence, although at times he would look her way just because he could not help it. Makalipas ang ilang minuto ay halos sabay silang natapos, at nagulat pa siya nang pati ang mansanas ay ialok nito sa kanya.

“Hindi ko naman ito kayang ubusin. Ang laki.” Bahagya itong ngumiti bago kinuha ang steak knife na nasa lunchbox niya at pinunasan iyon ng napkin. Nanlaki ang mga mata niya nang ibaon ito ni Denise sa mansanas at sinimulang tila ihampas iyon sa ibabaw ng nakasara nitong lunchbox. Mabilis niyang hinawakan ang kamay nito, at kinuha ang prutas na may nakabaong kutsilyo.

“You could seriously hurt yourself with this, woman,” naiiling na saway niya habang hawak pa rin ang kamay nito, na binitawan niya nang mapansin ang litong ekspresyon sa maganda nitong mukha. “Ako na ang bahala,” aniya bago siya na ang naghiwa ng prutas. Nang matapos ay ibinigay niya rito ang kalahati. “And thank you, too.”

“You’re welcome,” turan nito bago kumagat sa mansanas. ZD could feel his heart jump at the sight of her, still looking at him as she bit on the fruit. His eyes narrowed as he watched her gently munch on it with her mouth closed, her lips moving in a way that made him think about things he had never really thought about for a while now.

Siya ang nag-iwas ng tingin. Wala pang isang ruler ang layo ng mga mukha nila sa isa’t isa at kung magtatagal pa nang ilang segundo ang pagkakatingin niya rito ay hindi malayong tawirin niya ang distansyang iyon. Her lips looked so inviting, as the apple she was munching on. Gigil na napakain na rin tuloy siya sa prutas bago tinungga ang natitirang laman ng dala niyang bote ng tubig nang tuluyan iyong maubos. “So, uhm...” He cleared his throat as he capped the bottle. “Ano nga ulit ang last name mo?” *Damn, was that the lamest question or what?*

Ilang segundo ang lumipas bago sumagot ang katabi. “Medrano.”

Noon niya ito muling tiningnan. God, he felt like an idiot but this must be done. He had to keep asking questions, keep her talking so she wouldn’t have to leave yet.

“So, madalas bang lumipat ang pamilya mo dahil

sa... sa trabaho ng parents mo?”

“Medyo,” mabilis na turan nito bago biglang bumawi. “I mean, no, hindi gaano...” Napabuga ito ng hangin.

Natawa siya. “Well? Ano talaga?”

Tumingin ito sa kanya. “Oo, nagpapalipat-lipat kami ng tirahan dahil sa trabaho ng magulang ko, pero hindi naman ganoon kadalas,” tila mas siguradong sagot nito. “Ikaw, tagarito ka ba talaga?” tanong din nito bago inilabas ang isang purse na gawa sa maong at kinutingting ang laman niyon.

Sumandal siya sa kinauupuan habang hindi inaalis ang tingin sa katabi. “Yup. I was born here, raised here, and only left for several years for college and law school in Manila, pero halos buwan-buwan ay umuuwi ako rito noong mga panahong iyon. I haven’t really left Ilocos much except during family or business trips out of town.” Ngumiti siya. “Saan kayo huling tumira bago dito?”

Napahinto ito sa ginagawa at tumingin sa kanya. ZD felt his breath catch. She really did have beautiful eyes. They were round, framed by long lashes, with brows that were a bit thick but had a nice shape. And those eyes were making him feel a lot of things he

had not felt in years, with just one look.

“Kung saan-saan lang. Pero dito pa rin sa Pilipinas.” Muli itong naghalungkat sa purse. “So, you like travelling?”

Tumaas ang isang kilay niya. Halatang umiiwas itong masyadong magsalita tungkol sa sarili. “Yes. I like road trips, and long hauls. Tipong sixteen-hour flights at maraming stopovers bago makarating sa destinasyon. Something about the long wait, getting to the place little by little excites me.” Muli siyang umayos ng upo. “Saan nga kayo huling tumira bago dito?” ulit niya.

Ngunit tila hindi iyon narinig ng babae. “And you said you went to law school? You’re a lawyer? Ano ang—”

“Denise.” Itinaas niya ang hintuturo at inilapat iyon sa mga labi nitong bahagyang nakaawang. Her lips felt warm and so soft. It took a huge amount of willpower to stop himself from replacing that finger with his mouth. “I asked a question first. Come on,” he gently said, as he reluctantly moved his hand away from her lovely mouth.

Tila gulat pa ring nakatingin ito sa kanya.

“Come on, just... just name a place,” he coaxed.

“Dumaguete,” tila napipilitang sagot nito bago muling kinalkal ang purse.

Napailing siya. “And just what, may I ask, are you looking for in that purse?”

Natigilan ito bago muling naghalungkat at inilabas ang isang isang maliit na tube. “Eto, nahanap ko na.”

Sa kabila ng nararamdamang frustration ay napangiti siya. “Iyong itinagal mong pagkukutingting diyan, lipstick lang pala ang hinahanap mo?” panunudyo niya.

“Lip balm,” pagtatama nito, sabay tingin sa kanya habang inaalis ang cap ng tube. She clumsily rubbed the stick on her lips. “Mahangin kasi dito at kapag ganoon, nagda- dry ang lips ko. I use this balm so my lips won’t... get chapped,” tila naguguluhang dagdag nito. At sa nakikitang obvious na pag-iwas ng dalaga sa kung ano ay gustong matawa ni ZD. She was frustrating, all right, but this Denise Medrano was still downright adorable.

And beautiful. And so subtly sexy... so hard to resist he was wondering why on earth he was still just sitting there and not kissing her already.

“Pasensya na, ang weird ko,” paumanhin nito

bago nakagat ang pang-ibabang labi. Iniiwas nito ang tingin sa kanya at ibinalik na ang purse sa paper bag na dala nito.

That fleeting sight of her biting her lower lip just brought him closer to the edge. Napailing siya bago marahang tinapik ito sa braso.

“Okay lang iyon. I guess mahirap talagang makipagkaibigan o maging attached man lang sa tao o sa isang lugar kung ganyang madalas kayong lumipat,” sabi niya.

“Yeah,” sang-ayon nito, sabay tango.

“Mahirap din naman kung nasa isang lugar ka lang palagi.” Ipinako niya ang tingin sa malawak na soccer field.

“Talaga? Bakit?” Halata ang curiosity sa boses ng dalaga.

“Don’t get me wrong. I love this town. Narito ang pamilya ko at gusto ko rin ang trabaho ko rito. Narito din ang ilan sa pinakamalalapit kong kaibigan. It’s one huge comfort zone. And I guess that’s the thing. Dahil komportable na ako dito, may mga pagkakataong kahit gusto ko ay parang wala akong gaanong drive na maghanap. Yet, I still feel that I might be missing something. A lot of things

even. Kaya sa bawat opportunity na makalabas ako, kung work-related man iyon o pleasure trip lang, sinasamantala ko talaga.” Bumaling siya sa kausap na matamang nakikinig sa kanya.

“Kaya curious ako kung paano kaya ang buhay mo na parang ang dami nang narating, parang ang dami nang lugar na tinawag na tahanan. Was it worth it to have spent a few years or so in one place? How about leaving? Mahirap ba? I have travelled, but I never had the chance to really stay in another place for long.” He smiled. “You know what I mean?”

“Yeah,” tugon nito habang marahang napapatango. “I think I know what you mean.” Bahagya itong ngumiti, dahilan upang lalong umaliwalas at gumanda ang mukha nito. Parang may sasabihin pa sana si Denise kung hindi lang ito naunahan ng isang lalaking biglang sumulpot sa tabi niya, at marahang sinuntok siya sa balikat.

“Kaya pala inabandona mo kami sa tambayan, ha,” nakangising sabi nito bago napatingin sa katabi niya.

Ramdam ni ZD na nag-init ang mga pisngi niya. *Shit!* Ilang beses na ba siyang nag-blush ngayong araw dahil sa babaeng ito? Naiiling na ipinakilala niya ang bagong dating kay Denise.

“This is Tony. Instructor siya sa College of Business Administration and a friend since high school.” Sinulyapan niya ang kaibigang curious, ngunit halata ang paghangang nakatingin sa dalaga. “This is Denise. Siya ang bagong secretary ni Dean Augie.”

“Hi,” nahihiyang bati ng dalaga.

“Nice to meet you.” Nakangiti rin si Tony bago siya tinapik sa balikat. “Kanina ka pa namin hinahanap. Pabalik na ako sa building nang mapansin kitang nakaupo dito, kaya heto, paistorbo muna.”

“I appreciate that, man,” sarkastikong sabi niya, naiiling. Narinig niyang bahagyang natawa si Denise.

“No big deal, man. Kung babae naman ang dahilan, walang kaso kahit abandonahin mo na kami habang-buhay.” Babalingan sana niya ito at gagantihan din ng suntok kung hindi lang niya napansin ang pamumula ng babae sa sinabi ng kaibigan.

He could feel his heart swelling at the sight. Masuyong hinawakan niya ang kamay nito at marahang pinisil iyon. Tumaas ang isang kilay nito, ngunit hindi rin binawi ang kamay.

“Kumusta naman ang San Diego para sa ’yo so

far, Denise?” muling tanong ni Tony.

“It’s nice here. Mababait ang mga tao,” simpleng sagot ng dalaga bago binawi ang kamay mula sa kanya at hinawakan ang paper bag na nasa kandungan nito.

“Taga-saan ka ba dati? Galing ka ba ng—” Naputol ang sasabihin nito ng malakas at mahabang tunog ng bell, tanda ng pagtatapos ng lunch period. Kasabay niyon ang kaagad na pagtayo ni Denise.

“I should go. May mga nakalinya pa akong gagawin sa office,” anang babae bago kumaway sa kanilang dalawa at mabilis nang naglakad palayo bago pa man siya muling nakapagsalita.

“Hindi ko siya kilala, Pare. But I say, you can ditch us everyday during lunch if it means spending it with that beauty,” sambit ni Tony na nang lingunin niya ay nakangisi sa kanya. “Siya yata ang unang babaeng nakita ko na parang hindi makahintay na makalayo sa ’yo,” natatawang dugtong nito. “Weird.”

Pabirong sinuntok lang niya sa balik at ang kaibigan bilang sagot bago tumayo na at mabilis na nagpaalam. Habang naglalakad ay tila tuksong nagpa-flash sa utak niya ang magandang mukha ni Denise habang nagba-blush, nakangiti o nakatingin sa kanya.

She was weird, all right. But definitely interesting.

Huminga nang malalim si Charlee bago sinimulan ang paglalakad patungo sa Performing Arts room na nasa dulo ng hallway sa east wing ng Arts and Sciences building. Quarter to six na ng hapon at tapos na siya sa unang araw bilang bagong sekretarya ni Dean Marasigan. Kanina pa niya hinihintay ang pagkakataong ito, ang puntahan ang lugar kung saan naroon ang isang grand piano.

God, she missed playing. It had only been over a week since she had her fingers over the ivory keys, but it already felt like ages. Halos maluha nga siya kanina nang sa pagbabalik mula sa lunch break ay napansin niya ang bulletin board. Mayroon doong sign-up sheets para sa glee, theater at dance clubs, na ngayong hapon nag-umpisa ang mga try-outs. Her heart raced with excitement. Sa nakalipas na mga taon at sa kabila ng matinding pinagdadaanan ng kanyang pamilya, hindi tuluyang mapatay niyon ang isa sa mga passions niya—ang musika.

She stretched her fingers when she reached the double doors, and peeked through the small glass window. Tila isang maliit na auditorium pala iyon. Sa isang gilid ng stage ay ang isang makintab at

mukhang well-maintained grand piano. Isang may-edad na babae ang nakatayo sa harap at may kung anong sinasabi sa isang lalaking estudyante na nasa stage.

“Denise...” mahinang tawag ng pamilyar na boses. Paglingon ay muntik na siyang mapasigaw dahil parang ang lapit ng mukha ni ZD sa kanya. A warm smile was on his lips and a curious glint in his eyes. “O, ayon, hindi kita ginugulat.”

Bahagyang lumabi siya. “What do you want?” She could not mask the edge in her voice.

“Bigla ka na lang umalis kanina sa field,” sabi nito bago sumilip din.

“May trabaho pa ako,” she sighed. “Wala ka na bang klase ngayon?”

Lumayo ito sa salamin at nakangiting tiningnan siya.

“Just done with my last, for the day. There.” Iminuwestra nito ang isa sa mga kuwartong katapat ng PA room. “So you see, you’re quite hard to miss,” he grinned. Inilapat nito ang kamay sa pinto. “May kailangan ka ba kay Prof. Montecillo?”

Ilang sandaling minasdan niya ito. “Sana. Pero

hihintayin ko na lang na matapos ang audition.” Muli siyang sumilip sa salamin.

“It should be done by now. Kanina pang alas dos nag-umpisa iyan.” Itinulak ni ZD ang pinto. “Come on.” Hinawakan siya nito sa braso at marahang iginiya papasok.

Her heartbeat raced once more, but it was now because of that sudden jolt of electricity brought by his touch. Idagdag pa roon ang pagkakadaiti ng kanyang likod sa matipunong dibdib ng binata nang tuluyan silang makapasok at mapahinto siyang bigla. Everyone turned to look their way, including Prof. Montecillo whose one brow slightly rose along with a smile.

Bigla tuloy siyang nahiya. “Istorbo yata tayo,” baling niya kay ZD, na nakahawak na sa mga balikat niya.

He chuckled. “I’m sure you’re a welcome distraction,” bulong nito. His hot breath on her ear sent delicious heat rushing through her. *Goodness!*

Ipinako niya ang tingin sa matandang propesora kasabay ng bahagyang paglayo ng katawan kay ZD.

“Good afternoon, Ma’am,” bati niya. “Sana po hindi ako nakakaabala. May gusto lang po sana

akong itanong at ipakiusap, pero makapaghihintay naman po iyon hanggang sa matapos itong try-outs,” pahayag niya bago may naalala. “Ako nga po pala si Denise... Medrano. Kauumpisa ko lang po bilang secretary ni Dean.”

Tumango ang babae. “Oh yes. I heard about you. Hindi ako naka-attend ng meeting kanina dahil may kailangan akong daluhang prior appointment. Pero malalaman ko rin naman kung ano ang napag-usapan doon mamaya...” Napatingin ito kay ZD, dahilan upang muling tumaas ang kilay nito. “Is that handsome young man bothering you, Denise?”

Nag-init ang mga pisngi niya. “Hindi po,” aniya bago napayuko.

“Well, the audition is over at may mga ibinibilin lang ako sa mga batang ito.” Iminuwestra ng babae ang mga estudyante bago nito nasapo ang dibdib. “Naku, pasensya na. I’m Eleanor Montecillo, by the way. ‘Tita Elly’ na lang ang itawag mo sa akin.” Naglakad ito palapit sa kanya. “These kids will be gone in a while. Hinihintay lang nila ang ipina-print kong schedule.” Iminuwestra nito ang mga upuan. “Why don’t you two sit first?”

“Ayos lang po ako, Tita. Sandali lang naman po ako...” Humigpit ang hawak niya sa strap ng backpack

na nakasukbit sa isang balikat. Naramdaman niyang hinihila iyon ni ZD mula sa kanya pati na ang helmet na dala niya sa kaliwang kamay. Hinayaan lang niya ito. “Uhm... nakita ko po kasi sa announcements na kailangan ninyo ng pianist,” sa wakas ay nasabi niya. Sa sulok ng mga mata ay nakita niyang matamang nakatingin sa kanya ang binata.

“Yes. Unfortunately, walang nag-audition ngayon. We had someone before, na musical director din namin pero kaalis lang niya pa-London for a scholarship,” kuwento ng propesora bago siya masusing minasdan. “Do you play the piano, Denise?”

Mabilis ang pagtango niya. “Yes.”

“And you want to audition?”

“Kung puwede po sana,” kiming sagot niya.

“But of course.” Hinawakan siya nito sa braso at iginiya patungo sa piano. “Luma na ito at madalas na kailangang itono pa para ma-maintain ang tunog, kaya pagpasensyahan mo na kung sakaling hindi mo magustuhan ang kalalabasan ng pagtugtog mo.”

“Okay lang po,” nasasabik na sabi niya habang iniaangat ang lid ng instrumento.

“Gusto ko iyang nakikita kong excitement sa

mga mata mo, Denise,” nakangiting puna ni Tita Elly. “Dalawang piyesa ang gusto kong marinig, bahala ka na kung ano. One classical and one from the twentieth century, preferably from a stage musical,” dugtong nito bago bumaba ng entablado. “What are you going to play for us, Denise?”

Hindi na siya halos nag-isip pa. “*Sonata Pathetique* by Beethoven po at *All I Ask Of You* from *The Phantom of the Opera*.”

Nasisisyahang napatango ang matanda. “Very good. Let’s hear it then.”

Ngumiti siya rito bago sumulyap kay ZD, na tila napako na ang mga mata sa kanya. Pinaraan niya ang mga daliri sa ibabaw ng piano keys, ilang sandaling huminto bago sinimulang tugtugin ang isa sa mga pinakapaborito niyang piyesa ni Ludwig Van Beethoven.

Ilang sandali pa ay tila naglaho na ang lahat sa kanyang paligid at ang natira na lamang ay siya, ang piano... at si ZD. Ipinikit niya ang mga mata at ibinuhos ang lahat ng kanyang nararamdaman sa pagtugtog.

Lahat ng hindi niya kayang sabihin o aminin ay nasa musikang lumalabas sa bawat pagtipa niya. Tila

musical representation ng bawat nararamdaman niya ang mga piyesang iyon. Both pieces made perfect sense to her—the melancholy, the longing and the desperation.

As the final chords faded away, Charlee slowly became aware of her surroundings. Noon niya napansin kung paanong naging lubhang napakatahimik ng auditorium, hanggang sa marinig niya ang unti-unting pagbuhos ng palakpakan ilang segundo pagkatapos ng kanyang pagtugtog.

Hinanap ng kanyang mga mata si Tita Elly, na halata ang kasiyahan habang nakatingin sa kanya. And then there was ZD, who looked so awed, and so proud, as he gazed at her.

Hindi malaman ang gagawing nag-iwas siya ng tingin bago ibinaba ang lid ng piano at tumayo na.

“That was lovely, Denise. You’re in. Sisiguraduhin kong hindi makakaabala sa schedule mo sa opisina ang practice dito. Dalawang beses isang linggo lang iyon, at pinakamatagal na ang dalawang oras. Usually after four p.m. ang simula,” anang propesora nang makalapit siya.

“Nasabi ko na rin po kanina kay Dean na plano kong mag-audition. Matutuwa din po siya kapag

nalamang tanggap ako saad niya bago napatingin kay ZD.

“I think somebody’s smitten,” naaaliw na pahayag ng nakatatandang babae na tumingin din sa binata, na kaagad na namula. Natawa tuloy si Tita Elly. “Well, bukas ay dadalhin ko ang ilang piyesang dapat mong pag-aralan. Plano kasi naming magsagawa ng isang maliit na production para sa College Week sa isang buwan.”

Alanganing napatango siya. “Sige po. Kaya lang...” Napabuntong-hininga siya. “Kaya lang wala po kaming piano sa bahay at ang isa po sanang gusto kong ipakiusap sa inyo ay kung puwede akong mabigyan ng permisong mag-practice ng piano dito sa tuwing may free time ako,” nahihiyang turan niya.

Nangunot ang noo nito. “Napakagaling mong tumugtog. And you’re telling me you don’t have a piano at home?”

Napayuko siya. “Mayroon po dati, pero kinailangan naming i-give up dahil—”

The older woman waved a hand dismissively. “Oh, no need to explain, my dear. That’s all right.” Nakauunawang ipinatong nito ang kamay sa kanyang braso. “Kaya lang, gaya ng sinabi ko, luma

na ang piano dito at talagang may schedule kami sa paggamit. Kaya nalulungkot akong sabihin na sa tingin ko ay hindi kita mapagbibigyan sa gusto mo, Denise.”

Napakurap siya. “Okay lang po.”

Tinapik-tapik nito ang braso niya. “Alam kong hindi makakasapat na sa tuwing may practice lang tayo ay saka mo rin mapag-aaralan ang mga piyesang ibibigay ko. Kaya mas mabuti kung mayroong piano na regular mong matutugtog para doon.” Her eyes twinkled as she smiled. “May piano kami sa bahay. Mas bago at mas maayos. Puwede kang pumunta doon para mag-practice tuwing weekend, o sa tuwing may oras ka. Sa Number 87, Baranggay Mateo kami. Sa kabila lang ng Calle Mayor sa west gate nitong *INSU*,” pagbibigay-alam nito bago muling sumulyap sa binata. “Alam ni ZD kung saan iyon, kung hindi ka pamilyar sa daan.”

Hindi nakaligtas sa kanya ang makahulugang palitan ng tingin ng dalawa. “Okay lang po, Tita. May sasakyan naman po ako.”

“O sige,” nakangiting sabi ng matanda. “Puwede ka nang mag-umpisa sa Sabado. Aasahan kita ng mga bago mag-ala una? Ayos na ba ang ganoong oras?”

“Okay po,” natutuwang tugon niya. “Maraming salamat po.”

“Naku! Kami ang dapat magpasalamat.” Pinisil ng ginang ang braso niya. “O, siya, mag-e-excuse muna ako at may mga dapat lang linawin sa mga batang ito, ha? Salamat talaga, Denise. Hulog ka ng langit.” Tumango ito kay ZD.

Sumaludo ang binata bago nakipag-unahang kunin ang backpack at helmet niya, ngunit nahawakan na niya ang mga iyon. Nailing na ipinagbukas na lang siya nito ng pinto.

“I didn’t even know you played,” mangha pa ring saad nito nang nasa hallway na sila.

Hindi siya kumibo. Pinakiramdaman niya ang paligid. Alerto siya habang mahigpit na hawak ang strap ng backpack at kipkip ang helmet. Napatalon siya nang may marinig na kung anong bumagsak. Napakapit tuloy siya kay ZD at sumiksik sa gilid nito.

“Ano iyon?” kinakabahang sabi niya, sabay hila sa binata sa isang gilid. Bigla ang pagbuhos ng alaala sa kanya, mga bagay na ayaw na sana niyang maisip pa.

“Hmm... baka dumating na iyong mga may dala ng bagong set ng lockers.” Hinawakan siya nito sa likod. “You’re shaking. Are you okay, Denise?”

Nakaalalay pa rin ito sa kanya nang maglakad silang muli. Nang marating ang main lobby ay nakita nilang may papasok na ilang kalalakihang pinagtutulungang buhatin ang ilang set ng lockers na gawa sa kahoy.

“See? Tama ako,” sabi ng binata, sabay saludo sa mga lalaki na tumango lang dito.

Hindi na siya kumibo. Hindi na rin siya lumayo rito at hinayaan itong nakahawak sa kanyang likod at braso hanggang sa makarating sila sa parking area. Tinanggihan niya ang alok nitong isakay na lang ang kanyang motor sa pick-up nito at ihatid siya sa bahay nila. Sa halip tuloy ay nag-convoy sila pauwi.

Mahigpit ang hawak niya sa handbars ng kanyang motor habang pauwi. Kaagapay niya ang sasakyan ni ZD na ramdam niyang panay ang sulyap sa kanya. Her first day of trying to live a normal life in a new town, and she already felt like she was in great danger. Not because she thought the bad guys have followed them this early, but because for the first time in so many years, she had allowed somebody to get this close to her.

3

“Denise... are you all right?”

Dapat ay sanay na si Charlee sa boses na iyon. Isang linggo na niya iyong regular na naririnig. Kahit anong pag-iwas niya ay hindi natitinag si ZD sa pagpupursiging mapalapit sa kanya.

Ayaw man niyang aminin sa sarili ay gusto niya ang atensyong nakukuha mula sa binata. Kahit walang usapan ay parati silang nagkakasabay dumating at nagkikita sa parking area tuwing umaga. Sa tuwing uwian ay sumasabay ito sa kanya, at aalis lamang kapag nakita na nitong naipasok na niya ang kanyang motor sa malawak na bakuran ng bahay nila.

It was actually one of the houses owned by the incumbent Defense Secretary. Isa iyong simpleng split-level cottage na may apat na kuwarta, malawak na front yard at maliit na taniman ng gulay sa likod. Defense Secretary Albert De Cordova was the adoptive father of Yani, na isa sa pinakamatalik niyang mga kaibigan, na sa minsan at patagong komunikasyon na lamang niya nakakausap. The De Cordovas had been trying to reach out and help them all these years, ngunit ngayon lang nila hinayaang tulungan

silang mga ito dahil teritoryo ng dating heneral ang San Diego.

Ngunit hindi pa rin sila dapat na pakasiguro, kaya hindi na rin niya maalís sa sarili ang pagiging mailap, alerto, at magugulatin.

Napabuga siya ng hangin nang hawakan ni ZD sa kanyang balikat. Noon ay patulak na ipinapasok niya sa malawak na front yard ang kanyang motorsiklo.

“Kanina pa kita tinatawag,” may pag-aalalang sabi ng binata bago marahang ipinihit siya paharap dito. Noon niya napansing nakaparada ang sasakyan nito sa tapat ng katabing property nila. Nasanay siyang basta na lamang ito nagda-drive palayo sa sandaling makita nitong nakarating na siya nang maayos sa kanilang bahay.

“H-hindi ko yata narinig.” Or maybe she heard him, but did not respond because Denise was not her name. *It’s Charlotte! I am Charlotte ‘Charlee’ Angeles, not Denise Medrano, for God’s sake!*

Bumuntong-hininga siya. “I’m sorry.”

Tumango lang ito. “May problema ba, Denise?”

“Ano’ng problema?” Pilit niyang sinalubong ang tingin nito.

“You’re jumpy and you always look like something’s bothering you.” Alanganin itong ngumiti. “Alam kong hindi madali ang mag-adjust sa isang bagong lugar. Maybe you’re even finding it hard to trust people around here, and that’s fine, really. But I want to ask you to please give us a chance.” He looked at her pleadingly. “O kahit... kahit ako man lang.”

Napayuko siya. Kung alam lang ng lalaking ito na simula noong dumating siya sa San Diego, bukod sa kanyang pamilya at sa mag-asawang Marasigan ay ito lamang ang pinagkakatiwalaan niya. She had allowed him to get this close, hadn’t she? Malaking hakbang iyon para sa kanya na sa loob ng anim na taon ay malapit nang malimutan hindi lamang ang kanyang tunay na pangalan kundi pati ang kung paano mamuhay nang normal.

“I trust you, ZD.” Nag-angat siya ng tingin. “Hindi siguro halata pero dapat mong malaman na hindi ganoon kadali ang lahat para sa akin...” She bit her lip. She could not say anything more. “Just bear with me please. Alam kong hindi mahirap intindihin kung bakit ako ganito. I do trust you more than you think you know.” Bahagya siyang ngumiti. *The one I can’t actually trust is myself, ZD. And how by just knowing me, I am already putting your life in danger.* Napayuko siya.

“Thank you, Denise.” Marahan nitong iniangat ang kanyang mukha. Ngayon ay tila nabawasan na ang pag-aalala nito. “I was just worried, you know.”

“Don’t be, ZD. Ayos lang ako,” aniya, para lang hindi siya maging masyadong aware kung gaano sila kalapit sa isa’t isa nang mga sandaling iyon. Halos magkapantay na rin ang kanilang mga mukha dahil dalawa o tatlong pulgada lang yata ang taas sa kanya ng binata. She fought hard not to look at those full, reddish lips. *God, what am I thinking?* “Hindi lang siguro ako sanay.”

Nangunot ang noo nito. “Hindi ka sanay sa alin?”

“Na may nagbibigay ng ganitong klaseng atensyon sa akin.” She smiled weakly; she might as well be honest. “Hindi ko alam kung bakit mo ako pinag-aaksayahan ng panahon.”

Bahagyang tumaas ang isang kilay nito. “It is my time to waste, at hindi iyon sayang dahil ikaw naman ang kasama ko. Hmm?” He gently pinched her chin.

ZD was looking at her with such tenderness and longing and so much more she couldn’t quite fathom, but made her feel so beautiful and cared for nonetheless. It was too much, and she’s not sure it’s right, given her situation.

“I... I should go,” sabi niya. “Nangako ako sa mama ko na tutulong sa iba pang dapat ayusin at linisin sa bahay ngayong hapon.”

“Okay,” tumatangong saad nito. “Can we spend some time tomorrow, Denise? After your piano practice?”

Umiling siya. “I don’t know, ZD. May iba na kasi akong schedule bukas pagkatapos kong manggaling kina Tita Elly.”

Hindi man lang naitago ng binata ang panlulumo nito. “Okay. Pero kung may oras ka, puwede ba tayong magkita this weekend?”

“Titingnan ko. Magkikita rin naman tayo sa *INSU*, di ba?”

Napailing ito, bagaman nangingiti. “Fine. That would be two days without you then.”

Napaawang ang mga labi niya. “Alam mo kahit hindi ako sanay sa ganito, sa tingin ko’y ang corny niyang sinabi mo.”

Natawa ito. “I know. At bago pa tuluyang masira ang image ko sa ’yo...” He leaned toward her and gave her a gentle kiss on the cheek, something she was not expecting.

Ngunit hindi siya gumawa ng kahit anong galaw upang pigilan ito. Kahit na ba nagtagal ito sa paghalik na iyon. It was like he was taking in her scent, relishing the feel of his lips against her skin. She now wondered what it must feel if it were her lips he was kissing.

Her heart raced at the thought, and as she felt the side of her body pressed against his, she fought the urge to pull him closer. Parang kay sarap kasing mapaloob sa mga braso nito. Maybe then she would feel really safe, and worry no more.

Nang lumayo si ZD ay tila bigla siyang nilamig. Halos mamuti na tuloy ang mga daliri niya sa pagkakakapit sa handbars ng kanyang motorsiklo.

“I’ll see you soon, Denise,” tila hrap lumayong paalam ng binata bago nito pinisil ang kanyang balikat saka tuluyang lumayo.

She had tried her best, all this time, to not give in and allow herself to feel anything, however little, for ZD. But his persistence won over. Idagdag pa roon ang katotohanang gusto niya ang nararamdaman sa tuwing kasama niya ang binata. Isang katotohanang sana ay hindi na lang niya hinayaang manaig sa kanya, dahil alam niyang sa sitwasyon niya ngayon, hindi iyon tama.

“Bukas mo na lang tapusin iyan, Anak. Magpahinga ka na muna.”

Nag-angat ng tingin si Charlee mula sa ginagawang paglilinis ng mga kitchen cabinets. Nakasandal sa counter ang kanyang mga magulang. Ang papa niya ay may dalang ilang shopping bags na may tatak ng isang mall sa Laoag.

“Sandali na lang ito, Pa. Bukas kasi ay kailangan kong umalis after lunch at baka gahulin ako dahil plano ko ring linisin pa iyong kuwarto ko,” paliwanag niya.

“Nagkita kami ni Ma’am Gertrude kanina sa Laoag dahil may ilan siyang ibinilin tungkol sa mga dapat ayusin dito sa bahay,” tukoy ng ama sa maybahay ni Gen. De Cordova. “Ipinapabigay niya ito sa ’yo.” Iniabot nito sa kanya ang mga shopping bags na nang tingnan niya ay mga bagong damit, sapatos at personal na gamit ang laman.

Mataman niyang tiningnan ang mga magulang. Alam niyang hindi lahat ng iyon ay galing kay Gng. De Cordova. She could tell by the expectant look on her parents’ faces that they wanted to know if she liked what was in those bags.

“Ang gaganda nito, Ma, Pa.” Ngumiti siya. “Thank you.” Inilagay muna niya iyon sa dining table bago itinuloy ang ginagawa. Ilang oras na matapos ang hapunan, kung saan nagpalitan sila ng kuwento tungkol sa kani-kanilang trabaho. Much as they all had been through a lot and stayed together for the past years, Charlee knew things would never be the same. Not until they’re free again and no longer had to hide.

“May lakad ka ba bukas, Anak?” alanganing tanong ng kanyang ina. “Ang akala ko ay hapon pa ang schedule niyong i-tu-tutor mo.”

Muli siyang napatingin sa mga magulang. “Nakalimutan ko palang ikuwento kanina. Magpa-part-time akong pianist sa music club ng CAS. Twice a week ang practice pero dahil may mga dapat akong araling piyesa, nag-suggest iyong adviser ng club na si Prof. Montecillo na tuwing weekends ay magpractive ako sa piano sa bahay nila.”

“Pero may practice room naman ’ika mo sa building n’yo, hindi ba?” Hindi nawawala ang pag-aalangan sa boses ng kanyang mama. “Baka puwedeng humingi ka ng permiso para magamit iyon sa ibang oras o araw bukod sa nakalagay sa schedule mo.”

Napakurap siya bago inalis ang tingin dito at sinimulang ibalik ang mga dining set at silverware sa cabinet. “Hindi posible dahil may trabaho din ako sa opisina, Mama. Bukod pa sa may mga klase ding ginaganap sa PA room sa ibang oras at araw.”

“Puwede sigurong magawan ng paraan iyon, Anak. Kung gusto mo ay kausapin natin si Dean?” suhestyon ng kanyang ama.

“Siguro naman, matutulungan ka rin ni Prof. Montecillo na—”

Naputol ang sasabihin pa sana ng kanyang ina dahil sa napalakas niyang pagsara ng pinto ng cabinet. Charlee closed her eyes as she took a deep breath. Nang magmulat siya at mapatingin sa ekspresyon sa mga mukha ng mga magulang ay gusto niyang magalit sa sarili dahil sa nararamdaman.

Nagiging makasarili ba siya? Walang konsiderasyon? Pero alam ng mga ito na kung may isang bagay na patuloy niyang hinahawakan sa loob ng maraming taon sa kabila ng maraming pagbabago sa kanilang buhay, iyon ay ang pagtugtog. Ang piano. Ang kanyang musika.

“Naiintindihan ko kung bakit kayo nag-aalala. Pero sana sinabi n’yo na iyan dati pa. Dati pa noong

magsimula tayong magpalipat-lipat at magtago na parang mga kriminal,” mahinang sabi niya, hindi na napigilan ang paghulagpos ng hinanakit.

“You both know it’s the one thing I have that I cannot just give up. But if you want me to, sabihin n’yo lang. Bukas din, sasabihin ko kay Prof. Montecillo na hindi pala ako puwedeng tumugtog. Na humanap na lang sila ng iba. No more piano, no more music for me. Para naman hindi ako makadagdag pa sa alalahanin ng pamilya at nang garantisadong ligtas at secure tayo dito, tama?” sarkastikong pahayag niya bago naiiling na tumalikod at inilang hakbang ang kalapit na hagdanan, derecho sa kanyang kuwarto.

Ibinagsak niya ang katawan sa kama habang panay ang pahid sa luhang tila nag-uunahang kumawala. She immediately regretted what she did and said. Naintindihan niya ang concern ng mga magulang. Delikado hindi lang para sa kanya o sa kanyang pamilya kundi sa ibang tao ang magkaroon man lang ng katiting na kaugnayan sa kanya.

Her father and mother both worked for *ALS Group*, the country’s biggest multimedia company which also has successfully expanded overseas. CPA ang kanyang ama na ang tunay na pangalan ay Bernard at sa loob ng lumipas na mga taon ay

unti-unting na-promote sa isa sa pinakamataas na posisyon sa finance department. Ang kanyang inang si Melanie ay head ng research sa news department at isa sa mga producers ng documentrary series na nag-e-expose at bumubusisi sa katiwalian ng mga tao sa gobyerno.

ALS, despite its many campaigns, advocacies and charity works, was actually involved in a lot of illegal activities. Ang may-ari nito na magkapatid na Dominguez ang nangungunang pinakamayayamang tao sa bansa, at kilalang malakas ang kapit sa mga politiko, hukom at matataas na miyembro ng *AFP*. Aside from the illegal activities that included jueteng, drug dealing and smuggling, involved din sa bribery at sa ilang unfair labor practices ang *ALS*.

Both her parents had to find out the hard way that they were serving vultures and in ways, were even accomplices to some illegal practices. Nagsimulang mag-imbestiga ang mga ito katulong ang isang malapit na kaibigang si Frederick Maningat na executive sa nabanggit na kompanya, at hindi nagtagal ay natuklasan kung gaano kalaki, kalawak at kaimpluwensya ng *ALS* sa dami ng katiwaliang kinasangkutan nito at ng ilang matataas na opisyal ng gobyerno.

Dahil sa hinahawakang posisyon ay naging mas matapang si Maningat. Nagsimula nitong kuwestyunin ang ilang inconsistencies sa accounting books, tax records at mga kontrata ng *ALS* sa tuwing may board meeting. Hindi iyon ikinatuwa ng CEO at ilang mahahalagang taong involved. Ilang araw matapos ang buwanang board meeting kung saan nagbanta ang executive na ili-leak sa media ang natuklasan nito, natagpuan itong patay, duguan at may tama ng baril sa ulo sa harap mismo ng bahay nito.

Tago at napakaingat ng ginawang pag-iimbestiga noon ng kanyang mga magulang at ni Maningat, ngunit nakatunog pa rin ang ilang loyal na tauhan ng *ALS*. Simula noon ay hindi iilang beses na silang nakatanggap ng death threats, muntik masagasaan o maaksidente ang gamit na sasakyan na hindi nila alam kung paanong nagkaroon ng sira at dalawang beses ding may bumaril sa mga bintana ng kanilang bahay sa kalagitnaan ng gabi.

Sinubukan nilang mamuhay pa rin nang normal. Nag-lie low din sa pag-iimbestiga ang kanyang mga magulang. Ngunit marahil ay alam na ng kinauukulan kung gaano karami ang nalalaman ng mga ito, kaya isang araw ay sinubukan ng mga itong ipa-ambush ang kanyang ama. It was unsuccessful though, but

that was the deciding factor not only in her parents' respective careers, but in all their lives as well.

Sa tulong ng ilan pang mga kaibigan ay nakipag-usap ang kanyang mga magulang sa *DOJ*. Nagkataong matagal na palang minamanmanan ng naturang executive department ng gobyerno ang *ALS* hindi lang dahil sa mga illegal na gawaing alam ng kanyang mga magulang, kundi sa posibleng kinalaman din ng mga ito sa pagpatay sa ilang mamamahayag ng mga kalabang istasyon na nagsisiwalat ng katiwalian ng mga politikong affiliated sa *ALS*.

In a matter of weeks, their family was placed under the *Witness Protection Program*. Ang unang plano lamang ay sasailalim sila roon hanggang sa maihain ang kaso, makapagbigay ng testimonya ang kanyang mga magulang at mailagay sa kulungan ang mga salarin. Ngunit sadyang malalakas at maiimpluwensya ang mga Dominguez, dahil nagawa ng mga itong patahimikin sa pamamagitan ng suhol ang mga taong maaaring makapagbigay ng karagdagan pang testimonya. Ang mga nahuhuling goons na nagmamatyag noon sa kanila ay mas piniling makipagpatayan sa pulis kaysa ang sumuko at kumanta.

Tuloy ang dapat na anim na buwan hanggang

isang taong pagsailalim nila sa *WPP* ay nagtagal nang nagtagal, dahil sila na mismo ang pinag-initan ng mga Dominguez. Tila unlimited ang means at resources ng mga ito dahil palaging nahahanap sila. At tila gagawin ng mga ito ang lahat upang masigurong tatahimik sila.

Hindi alam ni Charlee minsan kung matutuwa siya o magagalit na sa loob ng anim na taong pagtatago, pagpapalipat-lipat ng lugar, at pagpapalit ng identity ay nananatili silang buhay at relatively, ligtas sa mga Dominguez. That was six years of their lives stolen from them.

When they first had to move, she just got a job as a teacher and musical director for an international school. Graduate siya ng Bachelor of Music, double major in Piano and Music Education sa *University of Santo Tomas*. She was the class valedictorian. Scholar din siya sa buong panahon ng kanyang pagkokolehiyo. She had a bright career in music ahead of her, the same with her brothers who were both in their sophomore year in college then. Ang mga magulang niya ay nagpaplano na ng early retirement. Instead, they all had to forcefully retire—from their normal lives, and even their true selves.

Hindi niya alam kung hanggang kailan

magtatagal na ganoon ang kanilang buhay. Patuloy na namamayagpag ang *ALS*, palawak nang palawak ang impluwensya nito at ng mga kaalyadong politiko, at patuloy rin ang pagbabanta sa kanilang mga buhay. Over the past six years or so, it happened five times already. Limang beses na silang lumipat, at nagpalit ng pangalan at pagkatao. Pang-anim na itong San Diego.

San Diego, her parents' hometown and where she also spent the first twelve years of her life. Ang San Diego na kinailangan nilang lisanin nang mula sa regional office ng *ALS* sa kalapit na siyudad ay mabigyan ng mas magandang job opportunity sa *ALS* main office ang kanyang mga magulang. She often wondered what if her parents did not accept the job offer? Pero huli na para sa mga what-ifs.

4

Muling huminga nang malalim si Charlee. Pagod na siyang umiyak. Hanggang nagtatago sila at ni hindi niya puwedeng gamitin ang kanyang pangalan, hindi magiging normal ang lahat.

“Bukas iyan,” sabi niya nang marinig ang marahang pagkatok sa pinto. Pinunasan niyang muli ang paligid ng mga mata bago dumerecho ng upo sa kanyang kama. Pumasok ang kanyang papa na bitbit ang plastic bags at malungkot na nakatingin sa kanya.

Inilagay nito ang dala sa ibabaw ng dresser. “Alam kong mahirap ito para sa ’yo, Charlee,” umpisa nito, gamit ang kanyang tunay na palayaw. Her father knew she hated her fake names. “Anim na taon ang nawala sa inyo ng mga kapatid mo at kailanman ay hindi namin pinangarap ng mama mo na sa ganitong paraan n’yo gugugulin ang nakalipas na mga taong iyon.” He sighed. “I’m sorry.”

Tiningnan niya ito. “Huwag mo akong intindihin, Papa. I’m fine. Na-mi-miss ko lang siguro talaga ang pagtugtog. Nasa sistema ko na, eh.” Napailing siya. “Pero wala din naman akong magagawa ngayon sa sitwasyon natin, di ba?”

The look on her father's face was heartbreaking. Sixty years old pa lamang ito, ngunit tila higit pa roon ang edad nito. Alam niyang sinisisi nito ang sarili, at sa kabila ng hinanakit niya ukol sa kanyang kalagayan, kailanman ay hindi niya iyon ginawa rito.

“Sinabi naman ng *DOJ*, ng *NBI*, hindi ito panghabambuhay, Anak. Isang araw...” His voice broke, then he averted his gaze. “Isang araw matatapos din ito.”

“Right. At alam na natin siguro by now kung gaano ka-reliable ang justice system dito sa atin, di ba?” di-napigilang sabi niya.

“They're doing their best, Anak,” mahinang saad ni Bernard.

“Hindi kita masisisi kung magagalit ka sa kanila, o sa amin ng mama mo. Pero wala kaming ibang pagpipilian. Kahit manahimik kami matapos ang nangyari kay Fred, alam naming hindi magtatagal ay babalikan kami ng mga Dominguez. Going to the government for protection was the only way I knew then, and even now, to keep us all safe. Alam kong hindi perpekto ang sistema nila. Ilang beses na tayong nahanap ng mga tao ng mga Dominguez, but we do manage each time, Anak. Especially the last.” Muli itong tumingin sa kanya.

He was referring to how she was the one who saw those men in Laguna. At daig pa ang mga bantay nilang *NBI* agents, siya pa mismo ang nagbigay ng alarm at nagsigurong nakalayo na sila bago pa makatunog ang hired goons ng mga Dominguez. It was the first time that a member of their family was the one to know that they had been found out, at siya pa ang itinuturing na prinsesa ng pamilya. Alam niyang nagi-guilty lalo roon ang mga magulang, and she hated thinking how it was making them suffer even more.

Muli siyang napabuntong-hininga. “I’m sorry, Pa.”

Napailing lang ito. “Masyado lang akong nag-aalala, Charlee. Paranoid na kami ng mama mo. Di bale nang kami ang mag-alala nang husto, huwag lang kayo.” Tumayo ito. “Ayokong habang ganito ang sitwasyon natin ay mabubuhay kayong palaging natatakot din. Hindi tayo ang mga kriminal dito, Anak.” Lumapit ito sa kanya.

“Wag mong isakripisyo ang pagtugtog mo. Basta mag-ingat ka lang. Alam mo na kung bakit at kung paano, di ba? No pictures, videos, o kahit ano pa.” Hinagkan siya nito sa noo. “Just do your best to keep a low profile, Anak,” anito bago naglakad na patungo

sa pinto at isinara iyon nang makalabas ito.

Muli niyang ibinagsak ang sarili sa kama. Hindi maiwasang mag-flash sa utak niya ang mga naganap kanina, noong ihatid siya ni ZD. He was too near, near enough to kiss. And she was not that naïve to not notice that that's exactly what he wanted to do with the way he was looking at her earlier.

Bakit ba niya pinayagang sa loob lamang ng ilang araw ay mapalapit sa kanya ang binata? Bakit ba niya hinayaang maapektuhan siya nito nang ganoon? Gayong alam niyang hindi iyon dapat. She was endangering not just her family, but him as well.

Napapikit siya. She could not let anyone, especially not the likes of ZD, get into her life. Not now. Maybe, not ever.

“Ang ganda talaga ng anak ko. Bagay na bagay sa 'yo 'yang blouse na 'yan.”

Napatingin si Charlee sa kanyang ina na relaxed na nakapuwesto sa isang lumang rocking chair sa sala. Hawak nito ang isang paperback at suot ang salamin sa mata. “Thanks, Ma. Mana lang sa 'yo,” turan niya na tinawanan lang ng nakatatandang babae.

Ngunit totoo iyon. Pareho ang kanilang facial features pati na ang built ng pangangatawan, bagaman mas mataas siya sa ina. Lumapit siya rito at hinagkan ito sa pisngi.

“Mag-te- text ako kapag pauwi na ako, Ma,” sabi niya at lalakad na sana patungo sa pinto nang magaang na pigilan siya ni Melanie sa braso.

“Isang araw, Anak... magagawa mo rin ang lahat ng gusto mo. You’ll get to have your music back, your own piano at home, see your friends again and even have a boyfriend.” Ngumiti ito. “Sana ay hindi ka nawawalan ng pag-asang malapit na iyong mangyari.”

Mataman niya itong minasdan. “I never lose hope, Ma. Dahil kung pati iyon mawawala sa akin, hindi ko na kakayanin pa ito.” Muli siyang ngumiti.

Napatango lang ito, na tila kontento na sa sinabi niya, bago siya hinayaang makaalis. Charlee was biting her lip as she put on her helmet and windbreaker, and made her way out. It was difficult, all right. And even after six years, they were probably still not used to it, but they were alive and well. Magkakasama rin silang lahat at para sa kanya, iyon ang mahalaga.

Ilang sandali lang ay nasa daan na siya. Mula

sa kanilang bahay patungo sa tahanan ni Prof. Montecillo ay limang minuto lang ang byahe. Habang nasa daan ay palihim niyang minamasdan ang mga nasasalubong, bagay na nakasanayan na niya sa loob ng nakalipas na taon. Hindi na naalis sa sistema niya ang takot at pagdududa. Lagi na ay masyado siyang alerto at magugulatin.

Malungkot na napangiti siya nang maisip ang mga pagkakataong nagugulat siya nitong nakaraang araw at palaging involved doon si ZD.

Wait, why am I thinking of that man again?

Napabuga siya ng hangin bago iniliko ang motor sa isang tree-lined road kung saan mas malalaki ang properties na nadaraanaan niya. Karamihan ay may malalawak na bakuran at halos lahat ng bahay na nakita niya ay tila mga luma na rin. It looked as if those houses had been there forever.

Nang makita ang numero ng bahay ni Prof. Montecillo ay nagmenor na siya. Bukas na ang malaking gate niyon at mula sa labas ay kita niya ang isang lumang *Toyota Corolla* sa garahe. Sinabi na ng propesora sa kanya noong isang araw na maaari niyang ipasok ang motor niya sa bakuran kaya iyon na ang ginawa niya.

Inihinto at ini-lock niya iyon sa tabi ng kotse bago tinungo ang pinto na may tatlong baitang paakyat. Malaki ang lumang colonial style na bahay at well-maintained. Ang malawak na front yard ay may samu't saring namumungang puno at ilang shrubs. Tahimik ang lugar.

“Tao po! Tita Elly?” tawag niya, sabay silip sa kalapit na bintana.

Muli siyang tumawag bago tumingin sa kanyang relo; eksaktong ala una ng hapon. Lumapit siya sa front door at iaangat na sana ang brass knocker nang may marinig siyang mga kaluskos. Napahawak siya sa pinto at pinakiramdaman ang paligid. She looked around her furtively. She jumped back when she heard her name being called.

“Denise!” tumatakpong tawag ni Tita Elly habang may kinukuha ito sa dalang purse. Kasunod nito ang isang lalaking marahil ay nasa early forties ang edad at may dalang basket ng prutas. “Naku, pasensya ka na at nasa tumana kami. Paalis kami at may dadalawin ako sa hospital. Kumain ka na ba?”

“Tapos na po,” kinakalma ang sariling sagot niya.

“Well, kung sakaling magugutom ka ay may makakain d’yan sa kusina. Mamaya lang siguro ay

pabalik na ang asawa at mga anak ko. Alam nilang may gagamit ng piano kaya huwag kang mahihiya, ha,” nakangiting sabi ng ginang bago nito iniabot sa kanya ang isang susi. “Sa front door iyan, pakiiwan na lang sa ibabaw ng piano pagkatapos mo.”

“Wala po bang ibang tao dito sa bahay, Tita?” nag-aalangang tanong niya.

“Nariyan si Mayang, ’yung kasama namin at nagpapahinga lang pero mamaya ay lalabas na uli siya.” Tinapik nito ang braso niya. “Feel at home, ha? And you can play for as long as you want,” anito bago nagpaalam na.

Sumaludo rin sa kanya ang kasama ni Tita Elly na marahil ay driver nito. Hinintay niyang makalabas ang sasakyan na lulan ang propesora bago siya pumasok sa bahay.

May paghanga, inggit at lungkot na pinagmasdan niya ang kabahayan habang nakatayo sa entrance. Sa kanan ay ang family area kung saan may malaking couch at dalawang love seat na pinapalibutan ang isang malaking baul na ginawang mesa. Nakaharap ang mga iyon sa armoire na may TV set at entertainment system. Everything looked so lived in and so permanent.

Sa kaliwa ay ang living room na mayroong sectional couch, isa pang baul na ginawang mesa at ang napakagandang baby grand piano sa sulok. It was right under the winding staircase and beside a huge picture window. Her heart warmed at seeing the instrument and like someone separated from a lover for a long time, she almost ran toward it like she would toward a waiting embrace.

Ipinatong niya ang dalang messenger bag at windbreaker sa wing chair na kalapit ng piano. Maingat niyang pinaraan ang mga daliri sa lid niyon. Nahagip ng kanyang tingin ang isang stack ng music sheets sa ibabaw ng piano, kaya nang maiangat niya ang lid ay kaagad niyang binuklat ang mga iyon. She smiled as she rearranged the repertoire in her head. As she settled on the cushioned bench, she flexed her fingers, tentatively spread them over the ivory keys, and began playing.

Sa umpisa ay binabasa pa niya ang mga nota sa music sheet. It was an etude written by Beethoven which was one of the first pieces she had learned as a child. Nangangapa pa siya, tinatantya kung nasusunod niya ang tempo, ngunit kalaunan ay hindi na siya tumitingin sa mga nota dahil naipikit na niya ang mga mata. Soon she was playing by heart, with all the energy and soul she had always put into every

piece that she played.

Hinayaan niyang dalhin siya ng kanyang musika sa isang lugar kung saan siya si Charlotte 'Charlee' Angeles at hindi si Denise o Melissa o kung sino pang nilalang na wala namang kinalaman sa kanya.

She could feel her cheeks burning, her face glowing as she played—the rich tones of the piano vibrating through her. She slightly swayed on the bench, moved by the rhythm of whatever it was she was playing. Her fingers were not just playing, but happily dancing on the keys. Tila naglaho ang mga pag-aalinlangan at takot niya habang nilulunod ang sarili sa kanyang musika. Yes, she was drowning but this was the kind that was making her feel more alive.

She played piece after piece, song after song, even humming or singing along as she did so. Para siyang bilanggong noon lamang nakahanap ng pagkakataong makatakas, at pasayaw siyang tumatakbo, taas ang mga kamay at walang mapagsidlan ang tuwa dahil sa kanyang paglaya.

Kay rami nang nangyari simula noong huli siyang tumugtog nang ganito. Sa pagkakataong ito, kahit gaano pa niya iwasan o itanggi ay alam niyang may nadagdag na emosyon sa kanyang pagtugtog.

She was now playing a song from *Miss Saigon* and singing the words to it, too. She had always thought it was one of the most beautiful songs ever written but she never realized that one day, she would find herself singing it and feeling every word so close to her heart.

Tila ipinako na sa kanyang puwesto habang nakasandal sa backrest ng love seat si ZD. Halos mabali ang lapis sa higpit ng hawak niya rito at patuloy sa pagguhit sa sketchpad. It was like the pencil, and his hands had a life of their own as soon as they touched the paper. He was barely looking at what he was doing, dahil ang mga mata niya ay nakapako sa pigurang patuloy sa pagtugtog ng piano ilang metro ang layo mula sa puwesto niya.

He felt as if looking away even for a second meant missing so much. He already regretted the few minutes he had to run to the study to print the photos he took of Denise earlier. But he just had to find out if he really captured those beautifully haunting moments perfectly. Tila kasi hindi sapat ang nakikita niya sa maliit na screen ng camera niya.

Mag-a-ala-una y media nang makauwi siya mula sa kanyang fruit farm and winery sa dulo ng

baranggay kung saan in-interview sila ng kanyang nakababatang kapatid na si Therese para sa isang agricultural magazine. Iniwan na niya roon ang kapatid kasama ang boyfriend nito at umuwi na dahil alam niyang darating si Denise. Ipinapasok pa lang niya ang sasakyan sa garahe ay dinig na niya ang pagtugtog sa loob.

The tunes were familiar and he smiled as most of them reminded him of childhood, when his mother tried to make him learn the piano. He was humming along when he walked toward his small cottage about fifty yards from the main house to get his camera kit and sketch pad.

As soon as he got back inside the house and was near enough, he began taking pictures. Hindi namalayan ng babae ang kanyang pagdating dahil patuloy ito sa pagtugtog at ni hindi tumitingin sa gawi niya. He kept his distance, allowing her some privacy because she looked like she was relishing that moment.

Ang mga piyesang tinutugtog nito ay tila naglalahad ng kuwento at nagpapakita ng pag-mature nito bilang musikera. The first few pieces were playful and whimsical etudes and solos from Beethoven and Chopin. Habang nagtatagal ay tila

mas nagiging seryoso, mabigat at komplikado ang mga piyesa. From melancholy sonatas to haunting nocturnes, and even a subdued solo rendition of a famous requiem. It was as if Denise was recounting her life through the music she was playing.

Her playing was calling out to him; explaining, pleading, pouring her heart out. Kung sa umpisa ng pagtugtog ng dalaga ay tila masaya at puno ito ng pag-asa, sa sumunod na mga piyesa naman ay tila may takot, pangamba, pag-aalinlangan at kalungkutang makikita sa magandang mukha nito.

Her body which seemed to slightly sway and dance earlier, looked to have gotten tired by the minute. Ilang beses na gusto niya itong lapitan, ngunit hindi niya kayang sirain ang mahikang bumabalot dito habang tumutugtog.

He had never seen anyone look so passionately lost, and still so strangely beautiful as she played. Si Denise ang nasa harap niya, ngunit may kung anong nagsasabing iba iyon sa babaeng nakilala niya. She looked refreshing in a white peasant top, her fringe'y hair falling across her face at times, making her look so innocent and carefree. Her eyes were closed most of the time as she played, as if savoring, relishing every little sound that came from the meeting of her

fingers and piano keys.

Nang huminto ang dalaga matapos ang isang instrumental solo mula sa *Beauty and the Beast*, ang akala niya ay tapos na ito. Ngunit ilang sandaling tila ipinahinga lang nito ang sarili bago muling lumapat ang mga daliri sa tiklado. He thought she was going to play another nocturne, but instead he heard the first familiar notes of a popular song from a musical. Ibinaba na niya ang lapis at isinaksak iyon sa springs ng sketch pad, at saka iyon isinara.

Denise was singing. Her voice was this beautiful, slightly husky alto, her range was not much but she was almost pitch perfect. And as she went on, playing and singing, he could feel her desperation and longing reaching out to him.

If we're together that's when we'll hear it again –

A song... played on a solo saxophone, a crazy sound,

a lonely sound...

A cry that tells us love goes on and on...

Played on a solo saxophone...

Unmasked - Sachi Bliss

It's telling me to hold you tight,

And dance like it's the last night of the world...

5

ZD stood where he was, gazing at her as if she might disappear any second. Pahina nang pahina ang boses ng babae hanggang sa matapos ang kanta. He saw her take a deep breath along with the final note of the song. May humaplos sa puso niya sa nakitang lungkot sa mukha nito habang nakatitig sa piano keys.

Hindi niya alam kung ano ang sumunod na nangyari. Maybe it was his emotion taking over, his body wanting so much to hold her close, that as he took a step toward her, he never noticed his slowly loosening grip on his sketchpad.

Lumikha iyon ng ingay nang bumagsak sa sahig, dahilan upang tila magising siya sa kung anong lumukob sa kanya nang ilang segundo. Habang si Denise ay nanlalaki ang mga matang napakapit sa piano at gulat na nakatingin habang pinupulot niya ang nahulog na gamit.

“ZD?” di-makapaniwalang untag nito habang patayo mula sa bench.

He straightened up and smiled at her sheepishly. “Sorry, masyado yata akong na-overwhelm sa galing

mo.” Nanatili lang nakatingin sa kanya ang babae, sapo ang dibdib. “I’m sorry, Denise. Are you all right? Pasensya na. Kung gusto mo, aalis na lang ako ulit at ituloy mo ’yang pagtugtog mo,” nag-aalalang sabi niya.

“W-what are you doing here, ZD?”

Napakurap siya. “Well, I live here.”

Nangunot ang noo nito. “You live here? Pero bahay ito ni Tita Elly... ni... Prof. Montecillo.” Nanlaki ang mga mata nito nang may mapagtanto. “She’s your mother?”

Tumango siya, napapangiti na muli. “Yes. Uhm... I thought you figured it out already since you were at the faculty meeting and Dean Augie called a roll?” Umiling ang babae. “Oh, well, hindi ka rin naman nag-iisa. We don’t really acknowledge our relationship at *INSU*. Ma prefers to treat me an equal kapag nasa campus... Denise? Are you all right?” Lumapit siya rito.

“I’m fine.” Napabuga ito ng hangin. “Hindi ko alam na anak ka pala ni Tita Elly.”

“Does it matter? I mean, may kaso ba kung—”

“No,” putol nito bago kinuha ang messenger bag

sa upuang malapit sa piano pati na ang jacket doon. "I have to go." Noon nito napansin ang hawak niya. "Ano iyan?"

"Ah..." Napakamot siya sa batok bago iniabot kay Denise ang sketchpad. "Para kasing ang saya mo kanina, at... ang ganda mong tingnan habang tumutugtog." He felt himself blush. "So I thought I should capture the moment. I mean..." He felt silly being at a loss for words now as he watched she flip through the sketchpad.

Nag-relax ang mukha nito habang manghang pinagmamasdan ang mga larawan. "Wow! Ginawa mo ito?" anito habang nagpapalipat-lipat ang tingin sa drawing niya at sa pictures.

"Uhm... yes," nahihiyang sagot ni ZD.

"You're good... no, you're amazing!" she gushed as she looked at the sketches and photos alternately. Hindi maikakaila ang tuwa sa mukha ng dalaga, and it tugged at his heart. It suddenly occurred to him how happy he was feeling now seeing her face light up like that.

"Well, I wouldn't be able to come up with that if you hadn't played so good and looked so beautiful," he blurted out, making her look up at him in surprise.

Bahagya itong namula.

“Thank you, ZD.” Muling ibinaba ni Denise ang tingin sa mga larawan. Parang hindi ito nagsasawang pagmasdan iyon habang siya ay hindi rin inaalís ang tingin dito. Kaya hindi rin nakaligtas sa kanya ang pagbabago sa ekspresyon sa mukha nito na tila may biglang naalala. Suddenly, her face seemed to have looked cold and distant. “Actually...” she breathed. “Actually, sana hindi mo na lang ito ginawa, ZD.”

“What?” litong tanong niya.

“I mean, okay siya. Maganda. Pero hindi mo dapat basta na lang kinukunan ng litrato o idinodrawing ang isang tao nang walang permiso niya,” mahinang saad nito.

“Well... I d-didn’t think you’d mind,” he stammered.

“I do mind,” sagot nito bago isinara ang sketchpad. “And because of that, I’d like to have these if you don’t mind.” Kinuha nito ang mga litrato at ibinalik sa kanya ang sketchpad. “Pakipilas na lang iyong page, please.”

“Fine,” defensive na tugon niya. “Ibibigay ko naman talaga iyan sa iyo. Alam kong hindi tamang hindi ako humingi ng permiso.” Napabuntong-

hininga siya. “I’m sorry, Denise,” sincere niyang sabi. He couldn’t find it in his heart to get mad at her as well.

But she looked like she really appreciated it earlier! Ano ang nangyari?

Pinilas niya ang pahina na may sketch nito at ibigay iyon sa dalaga. “I’m sorry, Denise. Please, sana hindi ka maga—”

“Kailangan ko nang umalis,” anang dalaga na hindi tumitingin habang inilalagay nito sa bag ang mga litrato at sketch niya.

Hinawakan niya ito sa braso. “Look, I’m really sorry. Hindi ko na uulitin. Aalis ako kung gusto mo. I know you wanted to spend as much time on the piano here as you want to. Stay, please. Hindi na kita iistorbohin, promise,” pakiusap niya.

Lumambot ang ekspresyon sa mukha ng kaharap. “ZD...” Napabuntong-hininga ito bago marahang kumawala sa pagkakahawak niya. “I’m okay. Tapos na ako. Pakisabi sa mama mo na maraming salamat.” Bahagya itong ngumiti. “Pero may iba pa kasi akong pupuntahan.”

“Hindi ka galit?” tanong niya.

Umiling ito. “Hindi...” Tinapik siya nito sa braso.
“I should go.”

“Well, okay,” nag-aalala pa ring turan niya. Kumaway lang saglit ang babae bago mabilis na tinungo ang pinto na maingat nitong isinara paglabas. Soon, he heard the low hum of her motorbike speeding away, and that sort of jolted him awake. Kinapa niya ang susi ng kanyang pickup sa bulsa at mabilis na lumabas ng bahay.

I should have just kept on walking and ignored him that morning. Sana tinapat ko na lang siya noong unang lunch break na sinamahan niya ako at sinabing huwag na siyang lalapit. Sana...

Napabuga ng hangin si Charlee habang iniisa-isa ang mga bagay na pinagsisisihan niyang nagawa nitong nakaraang linggo, and most of them involved ZD. Why didn't it occur to her that he was Prof. Montecillo's son? Ngayon lang tuloy niya nabatid ang pagkakahawig sa ngiti ng mag-ina, ang magandang hugis ng mga labi, ang magandang disposisyon ng mga ito.

But if she had not allowed him to get that close to her over the past week, then, it wouldn't matter

that much if he was Tita Elly's son. She could then keep her weekend piano practice at their house and she could just ignore ZD.

Napailing siya. *Yeah, right.* As if she could do that. As if it was possible for any sane, straight woman to ignore someone like him. How could she have been so careless?

She should never have stopped walking when he said that first 'Good Morning!'. She should never have said anything back whenever he would talk to her. Silence would have been easier. It would keep her from getting hurt.

Pero wala na siyang magagawa para ibalik ang oras. Ang kailangan na lang niyang siguruhin ngayon ay ang kaligtasan niya, ng kanyang pamilya, at ngayon, maging ni ZD.

And those sketches and photos! Under normal circumstances, she would have been giddy, but since things weren't exactly normal, she couldn't even really show her appreciation.

Paulit-ulit na nagpa-flash sa utak niya ngayon ang provision na iyon sa Memorandum of Agreement nila sa *Department of Justice* noong ilagay sila sa *Witness Protection Program*. No photos, no videos, and

they should all try to stay as undetected as possible. They should blend in with the crowd always. Kaya nga sa bawat paglipat ay nagpapalit sila ng hitsura at pangalan.

Ngunit kumukurot sa puso niya ang nakitang pagtataka at hinanakit kay ZD nang sabihin niya ritong sana ay hindi na lang siya nito kinunan ng litrato o iginuhit. How could he have known? And it was not like he would ever know why she reacted that way! Mamamatay muna siguro siya bago sabihin dito ang mga dahilan niya dahil mapanganib kung may malalaman ito.

Mula sa pag-iikot sa campus at kabayanan sa loob ng nakalipas na labinlimang minuto ay noon niya napagdesisyunang pumunta na sa hotel kung saan imi-meet niya ang batang tuturuan ng English. Kabilang sa mga may-ari ng hotel at ng resort ang mga magulang ng bata kaya naman napagkasunduan nilang gawin ang tutorials nito sa al fresco area ng café ng hotel. Isa iyon sa mga trabahong ibinigay sa kanya ng *WPP*.

Binagalan niya ang pagpapatakbo ng motor nang nasa Calle Mayor na siya. Gaya ng nakasanayan ay palihim na minamasdan niya ang mga nakakasabay o nakakasalubong na sasakyan. She just passed an

elementary school when she felt that all-to-familiar sense that she was being followed.

Kaagad ang pagkabog ng dibdib niya habang patuloy sa pagmamaneho bago binagalan iyon at huminto sa tapat ng isang building. Nagkunwari siyang may kinukuha sa kanyang bag, kung saan humihigpit ang hawak niya sa isang stun gun. Malikot ang kanyang mga mata habang pilit nag-re-relax.

Narinig niya ang tunog ng palapit na sasakyan, at ang pagbagal ng pagtakbo niyon. She held her breath as her grip on the gun tightened.

Don't panic, Charlee. Huminto ang sasakyan sa kanyang likuran. Kasunod niyon ang pagbukas-sara ng pinto.

“Denise?” a familiar voice called out to her, and she could only close her eyes. Tila mas delikado pa pala ang sumusunod na iyon kaysa sa inaasahan niya.

Inalis niya ang kamay sa bag at isinara iyon bago bumaba sa kanyang motorbike at hinarap ang tumawag. “ZD...”

“Saan ka ba papunta talaga? Kanina pa kita sinusundan. Kung nagpapatay ka lang ng oras hanggang sa next appointment mo, sana nag-stay ka na lang sa bahay. Hindi naman kita guguluhin,” may

pakikiusap sa mga matang sabi ng lalaki. Humakbang ito palapit sa kanya. “Are you all right?” kunot-noong tanong nito.

“I’m fine,” sagot niya bago huminga nang malalim.

“Saan ka ba pupunta? Ihahatid na kita. Peace offering ko na sa ginawa ko kanina. And next time, I promise magpapaalam muna ako bago kita kunan ng picture o i-sketch.”

Charlee bit her lip. Why was he being this sweet? Hindi ba nito napapansin ang pag-iwas niya rito?

“Diyan sa Calle Menor lang naman ako papunta,” mahinang turan niya.

“At doon sa bandang iyon din ako papunta, at may shortcut na rin doon pauwi sa bahay ko.” He grinned, then stepped closer and placed his hands on her motorbike.

“ZD, malapit na lang naman. Sa *Fabrizio* lang,” tukoy ni Charlee sa hotel, ngunit bago pa siya nakapagprotesta ay naiangat na ng binata ang motor niya at nailulan iyon sa likod ng pick-up nito. Ito na rin ang nag-lock niyon sa puwesto bago nakangiting ibinalik sa kanya ng susi.

Tahimik na tinanggap niya iyon, at napasinghap nang kasabay niyon ay higitin nito ang kamay niya at igiya siya sa passenger side ng sasakyan nito. Nailing na nagpaalalay na siya habang pilit kinakalma ang sarili.

“You don’t take ‘no’ for an answer, huh,” aniya nang makasampa ito sa driver seat.

“Nope,” nakangiting turan nito habang muling binubuhay ang makina. Then, he turned to her and put his hand lightly on hers. “You know, I’m really sorry about the sketch and the photos. I didn’t mean to sneak up on you. Ayaw rin kasi kitang istorbohin kanina, mostly because you looked so... happy.”

Nag-iinit ang mga pisnging nagbaba siya ng tingin sa kamay nitong nakahawak sa kamay niya. His big, rough hand that almost covered her own. She couldn’t help but feel an electric tingle of excitement at his touch. Hindi rin niya maiwasang mag-isip kung may ibig sabihin ba iyon para kay ZD. Tumatahip ang dibdib na muli niyang ibinalik ang tingin dito.

“Will you forgive me, Denise?” tanong nito, puno ng pagsusumamo ang mga mata.

Tumango lang siya habang hindi inaalis ang tingin dito. Habang nakatingin sila sa isa’t isa, habang

hawak nito ang kamay niya, tila siya ibinabalik sa mga sandaling nasa harap siya ng piano at lunod sa pagtugtog niyon. Being this close to ZD felt a lot like that—happy, safe, and free. Kaya naman hindi na rin niya napigilan ang pagngiti.

Noon biglang may bumusina nang malakas sa likuran nila at kapwa sila napaigtad. They both laughed, then he placed his hands back on the wheel and stepped on the gas. The spell was broken.

“I’m sorry too if I freaked out earlier.” Napahinto siya sa sasabihin. Ano ba ang idudugtong niya roon? Ayaw niyang magsinungaling kay ZD, ngunit hindi rin naman niya maaaring sabihin dito ang totoo.

“Forget it, Denise,” sabi nito habang tutok ang paningin sa daan. “Okay lang naman iyon. At naiintindihan kita.”

Napabuntong-hininga siya bago bumaling sa bintana. Nang marating nila ang resort ay tahimik na ipinagbukas siya ng lalaki ng pinto bago nito kinuha ang motorbike niya sa likod ng pick-up at ito mismo ang naglagay niyon sa designated parking area sa harap ng hotel.

“Thank you, ZD,” sabi niya nang mai-lock nila ang bike.

“No problem. Papunta rin naman ako dito.”

Charlee looked at the ground in the awkward silence that followed. *God*, saan napunta ang pagiging alerto niya?

“I mean, around here. One of my friends live in the area and I told him I’d drop by,” dugtong ng binata bago tinapik siya sa braso. “Come on, I’ll walk you in.”

Nag-angat siyang muli ng tingin bago nagpauna ng lakad.

“Thanks.” Ramdam niya ang pag-iinit lalo ng mga pisngi. Goodness, she felt like a silly schoolgirl! Habang inaalalayan siya nito sa braso dahil pababa ng ilang baitang ang patungo sa garden ay huminto siya saglit. “May... may imi-meet kasi ako dito.”

He gave her a quick sidelong glance. “May date ka?”

Hindi siya sigurado kung may na-detect ba talaga siyang tila pagseselos sa paraan ng pagtatanong nito, o kung tinutukso lang siya ng binata. “Parang ganoon na nga.”

His face fell. Tila nalungkot talaga ito. Charlee couldn’t help feeling relieved at what she saw. Hindi

ito ma-di-disappoint nang ganoon kung tinutukso lang siya nito.

Wait, why should it matter, anyway?

Napabuntong-hininga ito. “Well, I guess I’ll—”

“Denise! Over here, *bella!*” malakas na tawag ng matinis na tinig mula sa isa sa mga mesa sa al fresco area ng café sa harap ng garden at pool.

Sabay silang napatingin doon. “O, ’ayan na pala ang date ko,” sabi niya.

It was Giorgio, her six-year-old half-Italian, half-Ilocano student. Nakatayo na ito sa puwesto nito at ikinakaway ang dalawang braso. The kid looked too happy to see her.

Pagtingin niya kay ZD ay tila hindi makapaniwalang nakatingin din ito sa paslit. “I could learn a thing or two from that kid,” napapailing na sambit nito. “Alam na alam niya kung paano kunin ang atensyon mo, ha. He’s cute. Kapatid mo? Pinsan?”

“No.” Umiling siya. “He’s just this kid I am going to tutor. English without the accent and pronunciation.”

ZD looked impressed. “So hindi ka lang pala piano prodigy at singer, teacher ka din. What else do you do, Denise? At nang hindi na ako magugulat

masyado? Run after the bad guys? Come on, tell me.”

Pagkarinig sa sinabi nito ay nawala ang ngiti niya. Nag-iwas siya ng tingin at napayuko. *I don't run after bad guys, ZD. It's more of I run from them.*

Hinawakan siya nito sa magkabilang braso. “Hey, okay ka lang? I didn't offend you or anything, did I?”

Nag-angat siya ng tingin. “Okay lang ako, ZD. It's just...” She let the sentence hang. *It's just that I can never be honest with you.*

Muli siyang napatingin kay Giorgio, na kumaway muli sa kanya. “It's just that I really have to go.”

Ilang sandaling mataman siyang minasdan nito bago binitawan ang mga braso niya. “Look, Denise,” mabilis na sabi nito. “I'd like to see you again. Like, soon. Basta magkasama lang tayo, dinner or something. Hindi ko dala ang camera at sketchpad ko, kaya—”

“That... that was my fault, ZD,” pigil niya sa sasabihin nito. “I didn't mean to be rude or anything about that. I'm sorry.”

“So, puwede tayong magkita pagkatapos mo dito?” He looked hopeful.

Ilang segundong nakatitig lang dito si Charlee

bago muling tumingin sa gawi ng batang tuturuan, na noon ay may kinukutingting na sa dalang *iPad*. Part of her wanted to say yes to seeing ZD again more than anything in the world. Ngunit isang parte rin niya ang nangangamba dahil ang ibig sabihin ng muli niyang pakikipagkita sa binata ay ang posibilidad ng pagharap sa marami pang mga tanong, ang tuluyang mapalapit at mahulog ang loob dito... at ang masaktan.

Nag-angat ng tingin si Giorgio, na kinawayan niya bago niya ibinalik ang tingin sa kausap. The way he was looking at her demanded she make a decision.

“Okay,” she found herself saying. “I will see you later... after this.”

“Great!” natutuwang sabi nito. “Babalikan kita dito mamaya?”

Tumango siya. “Sure. Around five, okay?”

“Okay,” masayang saad nito bago tumingin din kay Giorgio at sumaludo sa bata. Then, he held her arm lightly. “I’ll see you later, Denise,” paalam nito bago siya hinagkan sa pisngi. Tila kay tagal na sandali ang lumipas bago tuluyan nitong mailayo ang mukha, hindi inaalis ang tingin sa kanya. Charlee felt her heart thump as she bravely met his eyes. Parang ayaw

na niya itong paalisin.

And it looked like he knew exactly what she was thinking. Bantulot ang binata nang maglakad ito paatras bago muling kumaway kasabay ang isang ngiti. He then turned around and went back to the parking area.

Pinanood niya ito habang palayo. A dizzying mix of euphoria and despair cursed through her. *Ano ba itong ginagawa ko?* Hindi siya dapat sumang-ayon sa paanyaya ni ZD na magkita muli mamaya. Ni hindi siya dapat pumayag na ihatid ng binata rito.

She was leading him on. There could never be anything between them. Never.

Ni hindi nito alam ang tunay na pangalan niya.